

BIBLIOGRAPIYA

NADAYAO, LILIBETH E. April, 2007. Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa Antas Tersyarya ng Palawan State University. Palawan State University, Tiniguiban Heights, Puerto Princesa City, Palawan.

Tagapayo: Maribel Z. Palazo, Ph. D.

ABSTRAK

Tinangkang matukoy at masuri sa pag-aaral na ito ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University. Layunin ng pag-aaral na ito na: 1) matukoy ang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University; 2). masuri ang estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ayon sa mga salik na antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral; 3) masuri ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University.

Sa pananaliksik, itrinanskrayb ang nakateyp na pagkaklase ng mga guro ng Filipino sa antas tersyarya upang madaling matukoy at masuri ang mga estratehiyang ginagamit nila. Pinagbatayan ang

modelo ni Mitchell (1988) sa pagsusuri ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik upang kunin ang ilang impormasyon tungkol sa mga guro gaya ng antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan. Gumamit din ng hiwalay na talatanungan para sa mga mag-aaral upang makuha ang kanilang persepsyon ukol sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga datos na nalikom ay itinala at inilarawan sa pamamagitan ng mean, frequency counts at ranking.

Ginamit naman ang analysis of variance sa paghahambing ng lawak ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral. Sa pagkuha ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ay ginamit naman ang Kolmogorov-Smirnov Z-test.

Sa pagsusuri ng mga datos, natuklasan ang mahahalagang impormasyon hinggil sa pag-aaral na ito. Narito ang mga sumusunod:

1. Gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ang mga guro tulad ng pag-uulit, pagpapaliwanag, pagbibigay-clue, substitusyon, paglilipat-wika at pagpapakahulugan tungo sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Sa anim na estratehiya, nanguna sa ranggo ang pag-uulit na may mean na 43.38, sumunod ang pagpapaliwanag 23.25, pagbibigay-clue 20.00,

substitusyon 15.50, paglilipat-wika 10.25 at pagpapakahulugan sa mean na 9.38

3. Ginamit ng mga guro ang estratehiyang pag-uulit nang may iba't ibang tukoy gaya ng pagbibigay-diin sa ilang bahagi ng paksang-aralin, pagbibigay-linaw sa alinlangan ng mga mag-aaral, pagkuha ng atensyon ng mga mag-aaral upang makuha ang angkop na kasagutan at bilang pagbibigay puna sa naging maling kasagutan ng mag-aaral.

4. Gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ang mga guro batay sa mga salik na antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral nang walang kabuluhang pagkakaiba.

5. Batay sa persepsyon ng mga mag-aaral, ang pag-uulit (A₁) ay malimit gamitin ng mga guro ayon sa 36.6% na bilang ng mga mag-aaral; ang pagpapaliwanag (A₂) ay 54.3% at pagpapakahulugan (A₆) naman ay palaging ginagamit ng mga guro ayon sa 38.7% na mga mag-aaral samantala, ang substitusyon (A₃) ay 41.7%, paglilipat-wika (A₄) ay 32.3% at pagbibigay-clue (A₅) ay minsan lamang ginamit ng mga guro ayon sa 37.0% ng mga mag-aaral.

6. May makabuluhang pagkakaiba ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University.

TALAN NG NILALAMAN

	Pahina
Bibliograpiya	i
Abstrak	i
Talaan ng Nilalaman	iv
INTRODUKSYON	
Sanligan ng Pag-aaral	1
Paglalahad ng Suliranin	8
Layunin ng Pag-aaral	9
Kahalagahan ng Pag-aaral	9
Saklaw at Delimitasyon	11
MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL	
Teorya sa Pagtatamo ng Wika	13
Linggwistika	17
Sosyolinggwistika	26
Ang Guro at mga Mag-aaral	31
Mga Lokal na Pananaliksik	42
Balangkas na Konsepto	47
Katuturan ng mga Katawagang ginamit	51
Haypotesis ng Pag-aaral	56

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Kinaganapan ng Pag-aaral	57
Mga Respondente	57
Paraan ng Pananaliksik	59
Pangungulekta ng mga Datos	59
Estadistikong Pagsusuri	60

PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

Mga estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga guro	61
Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga guro ayon sa antas ng Edukasyong Natapos	79
Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga guro ayon sa Unang Wika	83
Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga guro ayon sa Kolehiyong Kinabibilangan ng mga Mag-aaral	87
Paghahambing sa Persepsyon ng mga Mag-aaral Sa mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro	95

PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Paglalagom	108
Konklusyon	112
Rekomendasyon	113

TALASANGGUNIAN	116
--------------------------	-----

APENDIKS

A. Liham Paghingi ng Pahintulot sa Dekana Ng Palawan State University	126
B. Liham Paghingi ng Pahintulot sa mga Sabjek na Guro	127
C. Listahan ng mga Estratehiyang Pangkomu- nikasyong Ginagamit ng mga Guro	128
D. Talatanungan Para sa mga Guro hinggil Sa mga Salik na Antas ng Edukasyong Natapos, Unang Wika at Kolehiyong Kinabibilangan ng mga Mag-aaral	129
E. Talatanungan Para sa mga Mag-aaral Hinggil sa salik na Kolehiyong kinanabilangan at Persepsyon ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino	130
F. Sagutang Papel para sa talatanungan	132
TALAMBUHAY	133

INTRODUKSYON

Sanligan ng Pag-aaral

Walang taong nabubuhay nang mag-isa. Ang pahayag na ito ay palasak na sapagkat nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao ngunit patuloy na tinatanggap sapagkat totoo at walang sinumang makapagkakaila nito. Nangangahulugan lamang na ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa pagtamo ng mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain, tirahan at kasuotan kung di gayundin ng makakasama. Sapagkat ang tao ay likas na matanong at mausisa, kinakailangan niya ng makakausap upang matugunan ang kaniyang pangangailangang pang-intelektwal sa pamamagitan ng paggamit ng wika.

Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng wika sa buhay ng tao dahil ito ang tulay na ginagamit para maipahayag ang anumang mga pangangailangan at mithiin. Sumasang-ayon ito sa sinabi ni Jocson (2004), na ang daluyan ng kaisipan at kamalayan ng isang lahi, lipi at lipunan ay ang wika. Ibig sabihin lamang na ang tanging paraan upang maisalin sa iba ang kaalaman, karanasan at alaala ng isang lahi o lipi at lipunan ay nasa wika.

Sa paggamit ng wika hindi na kailangang magsalita sapagkat maaari naman tayong magpabatid ng kahulugan sa pamamagitan ng pagsulat at mga senyas. Gayunpaman, ang pagsasalita pa rin ang



pangunahing paraan ng paghahatid ng wika kung saan ang mga tunog na ginagamit sa pagsasalita ang pinakasangkap ng wika para ipahayag ang saloobin. Bawat wika ay may mga sariling tunog na may partikular na patern ng pagsasaayos para ipahayag ang iniisip. Sa katunayan, ginagamit ng tao ang wika sa pagmumuni-muni, pag-iisip o pakikipag-usap sa sarili na tinatawag nating intrapersonal gayundin sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa ibang tao na tinatawag nating interpersonal. Sa madaling salita, ang wika ang siyang behikulo ng ekspresyon at komunikasyon na epektibong nagagamit.

Ayon kay Pineda (2004), umiiral sa dalawang kaantasan ang wika; istandard at di-istandard. Bagama't sa kalikasan ay walang salitang higit na mataas o lalong mababa kaysa sa isang salita na pinatutunayan din ni Paz (2003) na walang katotohanan ang isang koment na nagsasabing mababa ang grammar ng ibang wika. Hangga't naipahahayag ng mga ispiker ng isang wika ang anumang gusto nilang ipahayag hindi pwedeng sabihing mababa o primitiv ang gramar ng wika nila. Maaari lamang na may mga kulturang sinasabing primitiv dahil degri ng kabihasan o istandard ng isang kultura ang pinagbabatayan pero hindi ito nangangahulugang primitiv din ang gramar ng kanilang wika.

Ang wika ng kapinuhan ay karaniwang ginagamit, maituturing na pangunahing bahagi ng pamayanan at nauunawaan ng lalong marami sa



lipunan. Ito ay may mataas na prestihiyo at ipinalalagay na mataas ang kapantayan. Sa kabilang dako, ang wikang limitado, lokal o di-kultong gamit ay di-istandard at itinuturing na mas mababa sa pamantayan. Kaugnay ng nabanggit na mga kaantasan, mayroon ding pagkakaiba ang wika sa sukatan ng istilo: una, istilong pormal na siyang angkop sa lahat ng pagpapahayag na publiko at may kaselanan, pangalawa, ang istilong di-pormal na malimit na ginagamit ng mga tao sa pagsasalita at pagsulat.

Tugma ito sa antas ng wika ni Tumangan (2000) na nahahati sa dalawang kategorya, ang pormal at impormal. Ang pormal na wika ay mga salitang istandard dahil kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng higit na nakararami lalo na ng mga nakapag-aral ng wika. Saklaw nito ang antas pambansa kung saan ay mga salitang karaniwang ginagamit sa mga aklat pangwika o pambalarila na kadalasang ginagamit at itinuturo sa mga paaralan at pamahalaan at antas pampanitikan na karaniwang ginagamitan ng mga matatayog, malalalim, makukulay at masisining na pagpapahayag ng mga manunulat sa kanilang mga akda.

Ang kategoryang impormal naman ng wika ay yaong karaniwan at palasak na ginagamit sa araw - araw na pakikipag-usap. Saklaw nito ay antas lalawiganin na ginagamitan ng bokabularyong pandyalekto; kolokyal na ginagamitan ng mga salitang magagaspang; at balbal na kinabibilangan ng pinakamababang uri ng antas ng wika.



Ang pagkamalikhain ng wika o pamamaraan ng ekspresyon ang sinasabing pinakamahalagang katangian nito. Ayon kay Chomsky (1957) sa pagbanggit ni Paz (2003), ang pagkamalikhain ng wika ay makikita sa kakayahan ng tao lamang at wala sa ibang nilalang. Naipahahayag ng tao sa wikang kinagisnan at natutuhan ang kabuuan ng kanyang karanasan, damdamin at pag-iisip batay sa hinihingi ng iba't ibang pagkakataon at mga pangangailangan, maliwanag na dahilan para sabihing ang wika ay isang katangian na yunik sa tao lamang. Bagaman ang mga hayop ay mayroon ding paraan ng komunikasyon, hindi ito matatawag na wika.

Umaayon ang pahayag na ito ni Paz (2003) sa paliwanag ni Lachica (1998), na ang hayop ay may kakayahan ding makipagkomunikasyon sapagkat ginagamit ng mga insekto ang kanilang pandama sa pakikipag-unawaan. Ang mga langgam ay nakapaghahatid ng balita na may pagkain sa isang lugar sa pamamagitan ng pagkiskis ng isang bahagi ng kanilang katawan sa katawan ng ibang langgam. Ang mga lamok ay nakapagsasagawa naman ng kakaibang ingay kung may dugo silang nasisipsip. Nagsasagawa naman ng kakaibang indayog na kilos ang mga pukyutan o nagpapalabas ng kakaibang amoy upang mapakilos ang ibang pukyutan sa paghahakot ng pagkain. Kakatwang ingay naman ang ginagawa ng mga unggoy kapag nakadarama ng panganib, saya, galit o tuwa.



Sa lahat ng ito, tanging ang mga kabilang lamang sa lipunan ng tao ang may kakayahang makipagtalastasan sa paraang pasalita, pasulat at maging sa pamamagitan ng mga simbolo at senyas.

Ayon sa mga dalubwika, ang wika ay sistema ng tunog o sagisag na ginagamit ng tao sa komunikasyon upang maintindihan ang sarili, karanasan, kapwa tao, ibang tao, paligid, mundo, obhetibong realidad, panlipunang realidad, pulitikal, ekonomikal at kultural. Ang pagsasalita ng tao ang tinutukoy na sistema ng tunog at paraan naman ng ating pasulat at iba pang anyo ng sagisag o hudyat na ginagamit sa komunikasyon. Ang mga sagisag ay pasenyas na wika. Tinutukoy na ang wika ay para sa tao. Samakatuwid, ang wikang tinutukoy ay ang ginagamit ng tao sa palaisipang ugnayan sa kanyang kapwa tao na gaya ng ginagawa ng guro at mag-aaral sa loob ng klasrum.

Ang karanasan ng guro ay bukas na aklat sa ating bansa. Siya ang ulirang propesyunal na kadalasang ulila at limot na lingkod ng bayan. Ngunit sa kabila nito, siya ay matiyaga at taimtim na tumutupad sa tungkulin bilang katuwang ng mga magulang at buong komunidad sa pagmumulat ng mga mag-aaral.

May tatlong salik sa pilosopiya ng edukasyon, ito ay ang mga mag-aaral, kurikulum at guro. Sa tatlong ito, ang may pinakamahalagang tungkulin sa edukasyon ng mga bata ay ang guro dahil walang guro kung



walang mag-aaral na tuturuan. At dahil ang mga mag-aaral ang sentro ng teaching-learning process, ang paglilimi at kawilihan sa pag-aaral ay natutuon sa mga mag-aaral kaya hindi dapat sumentro lamang ang guro sa subjek na kanyang itinuturo kundi sa tinuturuan nito at sa paraan din ng pagtuturo. Kaya kailangan niyang mag-isip ng masisiglang gawain sa paglalahad ng aralin para makuha niya ang loob ng mga mag-aaral.

Umaayon dito ang paliwanag ni Hatch at Long (1980) na sa interaksyon at interpersonal na pakikipag-usap ay dapat na may kooperasyon ang bawat isa; may tuntuning sinusunod sa pag-akit sa atensyon ng kausap.

Ang epektibong pag-aaral ay nakabase sa epektibong ugnayan ng mag-aaral at ng guro. Ayon naman kay Badayos (1999) sa pagbanggit ni Tomas (2004), ang pagtuturo ay isa sa mga pinakakomplikadong gawain o propesyon. Sa larangan ng pagtuturo ng wika, ang usapan ay palagi nang nakasentro sa guro ng wika at kung paano sila nagtuturo. Ang isang epektibong guro ay hindi lang nakasalalay sa kahusayan sa pagtuturo kundi ang kakayahang umunawa at makipag-ugnayan sa mga mag-aaral.

Sa loob ng klase, hindi lamang tagapagsalita ang guro kundi tagapangasiwa rin. Dahil dito, nararapat lamang na mulat sa mga estratehiyang pangkomunikatibo ang bawat guro. Kapag hindi magiging maalam at magaling sa mga estratehiyang pangkomunikatibo ang guro,



malamang na hindi niya maituturo nang maayos ang mga aralin. Umaayon ito sa binanggit ni Fernandez (2004) na ang tunguhin ng guro sa diskurso ay napakahalaga lalo na ang paggamit niya ng iba't ibang kalakaran at estratehiya upang magampanan nang ganap ang kanyang layunin.

May kaugnayan ito sa teorya nina Good at Brophy (1987) ayon sa pag-aaral ni Lartec (2001) na maraming edukador ang nakakaalam sa kahalagahan ng interaksyong pangklase. Ang mabuting interaksyon ng mga guro at mag-aaral ay malaking salik sa pagkakaroon ng kalidad na edukasyon. Sa interaksyong ito, ang kadalasan ng pagsasalita ng guro at ng mga mag-aaral ay kalimitang ginagamit bilang sukatan.

Anupa't hindi biro ang responsibilidad na nakaatang sa mga guro kaya kailangan niya ng mga kaalamang hindi lamang sa sariling larangan kung di gayundin sa sikolohiya upang higit na maging magaan para sa kanya ang unawain at tanggapin ang indibidwal na pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral gaya ng kanilang mga kahinaan at kalakasan, tunguhin at aspirasyon tungo sa pagkamit ng pagkatuto.

Malamang na ang pagsasagawa ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ay magbibigay ng bagong direksyon sa paggawa ng malaking pagbabago sa loob ng klasrum. Ang pinakamalawak na pagbabago sa klasrum ay magbubukas ng lalong pinaigting na gawaing



intelektwal at pang-akademiko. Tulad halimbawa, kung gagamitan ng guro ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikatibo ang mga mag-aaral sa pagtatanong at hayaang mag-isip ang mga ito ng mga kasagutan o tugon ay mahahasa niyang palawakin ang kanilang pag-iisip at kasabay nito ang kanilang pagkatuto.

Talagang kinakailangang magkaroon ng mga karampatang karunungan at estratehiya upang lalong mapahusay ang pamamaraan sa pagtuturo at mapaganda ang karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Totoong nasa guro ang madali at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod sa paksa at pamamaraang dapat niyang matutuhan, may mga katangian siyang dapat na laging isaisip upang maging lalo siyang magtagumpay (Villanueva, 1991).

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng mananaliksik na suriin ang estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University. Sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University?

2. Ano ang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa:



- a. antas ng edukasyong natapos
 - b. unang wika
 - c. kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral
3. Ano ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University?

Layunin

Nilalayon ng pag-aaral na:

1. Matukoy ang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University.
2. Masuri ang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa:
 - a. antas ng edukasyong natapos
 - b. unang wika
 - c. kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral
3. Masuri ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang resulta sa pag-aaral na ito ay inaasahang makatutulong sa



pagpapaunlad ng estratehiyang pangkomunikasyon na bubuo ng isang makabuluhan at mabungang pang-akademikong gawain.

Sa tagapagtaguyod ng edukasyon, makatutulong ito bilang mapagkukunan ng impormasyon sa kanilang pagsasagawa ng plano at pagpapatupad ng kanilang kurikulum ayon sa pangangailangan, upang maiagapay sa pamantayang pandaigdig ang pagpapataas ng uri ng ating edukasyon sa Pilipinas.

Sa mga administrador, superintendente at superbisor na tagapangasiwa ng mga guro, makatutulong ito sa kanilang paggawa ng mga makabuluhang programa para sa pagpapainam ng mga guro tungo sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa mga guro, magiging gabay nila ito sa pagpapahalaga ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng wika upang makasabay sa modernisasyon at globalisasyon upang maiangat ang pamantayang pangwika. Magsisilbi rin itong paalaala sa kanila na huwag nilang payagang mapalitan ang kanilang papel bilang guro sa klasrum ng mga makabagong teknolohiya at multimediang kagamitan na bagama't mahalaga sa pagkatuto ay kailangan pa ring maipakita ng mga guro na moderno, makabago at pangglobal ang kanilang estratehiya upang makasabay sa mga napapanahong makabagong teknolohiya.

Sa mga mag-aaral, ito ay magbibigay ng kabatiran sa kanila



tungkol sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro upang kanilang mapabuti at mapahusay pang lalo ang pagiging malikhain at mapanuring pag-iisip na nagdudulot ng higit na tagumpay sa kanilang propesyon sa hinaharap.

Sa mga mananaliksik, magiging instrumento ito sa pagsasagawa ng kahalintulad o anumang kaugnay na pag-aaral gaya nito. At upang magkaroon din ng kaalaman sa mga makabagong estratehiya at gawain sa edukasyon.

Sadyang napakahalagang matalakay ang relasyon ng estratehiyang ginagamit at pagkakagamit ng wika upang masuri ang papel na ginagampanan ng estratehiyang pangkomunikasyon sa pagpapanatili ng usapan sa klasrum.

Saklaw at Delimitasyon

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagtukoy sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University, Puerto Princesa City, Palawan.

Sinuri rin sa pag-aaral na ito ang estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral at antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino.



Ginamit ng mananaliksik ang modelo ni Tarone (1997) upang pagbasehan sa pagtukoy at pagsuri ng mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng guro sa pagtuturo.

Ang subjek ay mga guro ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University at ang mga respondente ay kanilang mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon, ginamit ang Kolmogorov-Smirnov-Z test at 5 point scale. Ang 4.50-5.00- palagi, nangangahulugang ang estratehiyang pangkomunikasyon ay ginamit ng guro sa halos lahat ng pagkakataon sa kanyang pagtuturo; 3.50-4.49-malimit, nangangahulugang ang estratehiyang pangkomunikasyon ay ginamit ng guro nang madalas sa kanyang pagtuturo ngunit hindi kasindalas ng palagi; 2.50-3.49-minsan, ito naman ay nangangahulugang ang estratehiyang pangkomunikasyon ay ginamit lamang ng guro nang panapanahon. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ito ngunit may pagkakataon ding hindi; 1.50-2.49- bihira, ito ay nangangahulugang ang paggamit ng guro ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ay madalang sapagkat nabibilang lamang ang pagkakataong iyon at 1.00-1.49-hindi, ibig sabihin ay hindi nagamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyong nabanggit.



MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Kaugnay sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, sinikap ng mananaliksik na makabasa ng mga literatura at kaugnay na pag-aaral na magsisilbing giya sa pagtahak sa pagtuklas ng mga kasagutan sa kanyang mga suliranin. Sa kabanatang ito ay malalaman kung ano ang wika at ang mga gamit nito sa pang-araw-araw na realidad. Malalaman ding hindi lang kung paano nabubuo ang wika kundi kung ano pa ang ginagawa ng nagsasalita sa paraan ng wikang gamit niya para epektibo siya sa kanyang pakikipagtalastasan.

Teorya sa Pagtatamo ng Wika

Ayon kay Paz (2003), natural lamang sa tao ang pagkatuto, pagkakaroon at tuluyang paggamit ng kanyang wika mula pagkabata. Ito ay kung wala siyang naging kapansanan para hindi matuto ng wika o kaya'y para matigil ang kanyang paggamit ng wikang kinagisnan. Mariin itong sinang-ayunan ni Saucó, Atienza at Papa (1998) sapagkat ayon sa kanila, ang wika at pagsasalita ay bahagi at gawain ng tao sa pang-araw-araw na buhay kaya ipinalalagay na likas, katutubo at payak. Ito ang dahilan kung bakit bihira itong mapag-ukulan ng pansin sapagkat natural lamang ito na gaya ng ating paghinga at paglakad. Ayon pa sa kanila, dapat nating pakaisipin na ang pagkalikas ng ating pagsasalita ay may



kaibahan sa paraan ng ating pagkatutong humakbang. Ang kultura o kalinangan ay hindi lubhang kailangan sa ating pagsisimulang lumakad. Bawat bata ay nasasangkapan ng mga salik o bahaging tinatawag nating mga minanang pambiyolohiya, kaya kusa itong tumatagilid, tumatakbo, gumagapang, umuupo, tumatayo at humahakbang. Ang kanilang organismo, mga ugat at kalamnan sapul pa sa pagiging tao ay handa sa napipintong paglakad. Samantala, sa wika at pagsasalita ay iba, mariin mang sinang-ayunan ni Sauco (1998) ang unang pahayag ni Paz (2003), binigyang linaw niya naman na totoong ang isang tao ay natatalagang makapagsalita subalit hindi lamang sa dahilang ipinanganak siyang may sangkap para dito kundi sa dahilang siya ay nasa gitna ng lipunan o ng mga taong katutuhan niya ng pagsasalita. Alisin ang lahat ng tao sa kanyang paligid; matututo siyang lumakad ngunit hindi siya makapagsasalita.

Kung susuriin ang paliwanag ng dalawang grupo ng dalubwika, mauuring sumang-ayon sa paniniwala ng mga innativist ang paliwanag ni Paz (2003) sapagkat nakasaad sa teoryang innative na ang pagkatuto ay batay sa paniniwalang lahat ng bata ay ipinanganak na may “likas na salik” sa pagkatuto ng wika kaya hindi na kailangang suportahan ang bata sa pagtamo ng wika dahil likas na niya itong matututunan.



Umaayon ito sa pahayag ni Daniels sa kanyang Siyam na Ideya sa Wika sa pagbanggit ni Austero (1999), na natututuhan ng mga bata ang kanilang wika nang mabilis at episyente kahit walang nagtuturo. Sinangayunan pa ito nina Skinner (1957) at Corder (1983) sa pagbanggit ni Abad (1996), na binibigyang-diin sa pinalatuntunang pagtuturo ang simulaing bawat isang indibidwal ay may sariling bilis ng pagkatuto at maaaring matuto kahit walang gurong magtuturo.

Samantala, ang paliwanag naman nina Saucó (1998) ay nakabatay sa teoryang behaviorist na nagsasaad na ang mga bata ay ipinanganak na may kakayahan sa pagkatuto at ang kanilang kilos at gawi ay maaaring hubugin sa pamamagitan ng pagkontrol ng kanilang kapaligiran.

Ayon pa rin sa mga behaviorist sa pagbanggit ni Lartec (2001), ang tao ay ipinanganak na may “tabula rasa” o “blank sheet”. Ibig sabihin walang laman ang utak at walang kaalaman sa wika, magkakalaman lamang ito habang nakikisalamuha sa kapwa sa kanyang paglaki. Maaaring matuto ang isang nilalang sa tamang pagtugon sa stimulus na nadarama at nakikita sa paligid.

Naaayon ito sa paniniwala ni Chomsky (1957,1965) na ang kakayahan sa wika ay kasama na pagkapanganak ng tao at likas itong nalilining habang ang mga bata ay nakikipag-interaksyon sa kanyang kapaligiran.



Inilarawan ni Chomsky ang prosesong ito sa pamamagitan ng analohiya ng isang likhang-isip na “aparato” na taglay ng mga bata, tinawag niya itong Language Acquisition Device (LAD). Ang LAD ay tumatanggap ng mga impormasyon mula sa kapaligiran sa anyo ng wika. Ang wikang ito ay sinusuri at pagkatapos marinig, bubuuin na sa isipan ang mga tuntunin ay inilalapat habang nakikipag-usap ang mga bata. Ang LAD ay patuloy na ginagamit ng mga bata bilang sistema ng pagbuo ng mga tuntunin hanggang sa marating nila ang kaganapan ng kanilang edad (maturation).

Sa madaling salita, ayon sa LAD, ang tao’y marunong kumilala ng tunog na naririnig at nakabubuo ng kalagayang panlinggwistika sa iba’t ibang anyo na maaring maiwasto sa pagdaan ng panahon. Batid din niyang magkakaiba ang wika sa kalikasan, kasaysayan at istruktura. Makakaya rin niyang bumuo ng mga pamantayang panlinggwistika na kailangan sa pagkatuto ng wika sa ibang tao.

Sang-ayon ito sa paniniwala nina Abad at Ruedas (1995) na ang mga bata ay natututo ng wika sa pamamagitan ng pagmamasid at panggagaya sa mga taong nakakasalamuha nila kaya sa paaralan ay madali silang natututo sa pakitang-turong pamamaraan ng guro. Nagiging konkreto at tumatagal ang natututuhan nila dahil namamasdan at nagagaya nila ang mga itinuturo ng guro (Ngamoy,2002).



Linggwistika

Napakatagal nang panahon na pinag-aaralan ng tao ang mga wika ng tao. Sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na sentyuri itinakda ang pagsisimula ng mga unang linggwistiks na pag-aaral ng mga wika. Iba't iba ang depinisyon ng linggwistika, kalimitan ay ayon sa oryentasyon at pinaniniwalaang disiplina ng linggwistang nagbibigay ng depinisyon. Subalit mapapansin na lahat sila ay nagkakaisa kabilang na si Santiago (1979) sa pagsasabing ang linggwistika ay ang maagham na paraan ng pag-aaral sa wika. Manapa, higit na angkop sabihin na ang linggwistika ay isang maagham na paraan sa pagtuklas ng impormasyon at kaalaman tungkol sa wika. Ang pinakasanligan ng lahat ng maagham na pagsusuri ay nagdaraan sa proseso ng pagmamasid sa wika at sa epekto ng wika sa tao kung saan ang pagtitipon ng obhektibo at walang kinikilalang mga datos at mga obserbasyon ang hindi nakukulayan ng emosyon ng isang linggwista.

Ayon kay William G. Moulton sa pagbanggit ni Tayao sa kanyang modyul, ang linggwistika ay sangay ng pakakatuto ng wika ng tao at ng buong lipunan: kung paanong nabuo ang wika; paano nagkakaiba-iba sa mga lugar at nagbabago sa paglipas ng panahon; ano ang kaugnayan sa iba pang wika; at kung paano ginagamit ng mga spikers.

May dalawang pangunahing sangay ang linggwistika, ang



theoretical (teoretiko) at applied (nilapat). Ang teoretikong linggwistika ay nauukol sa kalikasan ng wika at sangkap nito. Samantala, ang nilapat naman ay nauukol sa paggamit ng wika, paano ito natamo at natutunan at kung paano ito ituturo. Patunay ito sa pahayag ni Hemphill (1962), sapagkat ayon sa kanya, ang applied (nilapat) na linggwistika ay yaong uri ng linggwistikang maaaring pakinabangan ng mga guro sa pagtuturo ng wika. Kabilang dito ang iba't ibang dulong sa pagtuturo ng wika, paglalapat ng mga metodolohiya at pamamaraan sa pagtuturo ng unang wika, pagtuturo ng metodolohiya sa pagtuturo ng wikang banyaga at ikalawang wika. At bilang karagdagan, saklaw nito ang materyal produksyon na may diin sa mga alituntuning pinagbabatayan ng mga materyal na disenyo, pagpapatupad at ebalwasyon. Dalawang uri ang kinakailangan, ang mga ito ay ang mga kagamitang pampagtuturo o mga kagamitan at ebalwasyon sa pagkatuto ng wika o mga kagamitan sa pagsubok ng wika.

Ang mga dalubwika namang nag-aaral ng mga mahahalagang yunit ng wika at mga disenyo ng pag-ayos nito ay maaaring mauri sa teoretikong linggwistika, sapagkat sinubok nilang gumawa ng panuntunan ukol sa tamang gamit ng wikang kanilang pinag-aaralan at itinatala ang mga natuklasan.

Ayon naman sa isang artikulo ng wikipedia sa internet, ang pag-aaral ng linggwistika ay maaaring isadiwa sa tatlong malalaking aksis; 1).



synchronic at diachronic kung saan ay binabahala ng synchronic na pag-aaral ng wika ang anyo nito sa isang bigay na sandali samantala, sinasakop naman ng diachronic na pag-aaral ang kasaysayan ng isang (grupo ng) wika at ang pagbabago ng kayarian sa paglipas ng panahon.

2). Teoretiko at nilapat kung saan binabahala ng linggwistikang teoretiko ang mga framework para ilarawan ang kanya-kanyang wika at teorya tungkol sa unibersal na aspekto ng wika samantala, nilalapat naman ng linggwistikang nilapat ang mga teoryang ito sa ibang larangan.

3). Kontekstwal at malaya kung saan ay binabahala ng linggwistikang kontekstwal kung paano iaangkop ang wika sa mundo: ang kanyang tungkulin sa lipunan, paano ito nakuha, paano ito nilikha at namataan. Binabahala naman ng malayang linggwistika ang wika para sa kanyang sariling kapakinabangan maliban sa panlabas na kaugnay na wika. Bilang karagdagang paliwanag hango sa modyul ni Tayao, ang mga pag-aaral sa teoretikong linggwistika ay nakatuon sa sangkap ng wika sa isang takdang panahon, ito ang tinatawag na synchronic na linggwistika. Ang synchronic na pag-aaral ay nakatuon sa paglalarawan ng isang tanging wika. Ang mga paglalarawang ito ay binubuo ng corpus of descriptive linguistics. Sa kabilang banda, sa synchronic ay maari ring maghambing ng dalawa o higit pang wika gamit ang contrastive analysis para malaman ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga ito. Ito ang tinatawag na




comparative linguistics. Ang heograpiyang pagkakaiba-iba sa wika ng mga dayalekto ang halimbawa nito.

Taliwas sa synchronic na pag-aaral kung saan ay pag-iimbestiga ng mga wikain sa isang itinakdang panahon, may mga pag-aaral naman sa teoretikong linggwistika na may kinalaman sa mga pagbabagong nagaganap sa wika sa paglipas ng panahon. Ito ang tinatawag na diachronic na pag-aaral. Isa sa mga pag-aaral dito ay ang historikal na linggwistika. Ayon kay Santiago (1979), ang tinuturing na kauna-unahang disiplina sa linggwistika ay ang linggwistikang historikal na naglalayong magpatotoo na ang wika sa daigdig ay nagmula sa iba't ibang angkan. Ang ganitong simulain ay pinatunayan sa pamamagitan ng pag-alam sa pagkakatulad-tulad at pagkakaiba-iba ng iba't ibang wika. Ang isang pinakakaraniwang paraan ay ang pag-alam sa mga salitang magkakaugat (cognates) sa mga wika. Sa payak na pagpapakahulugan, ang mga wikang katatagpuan ng sapat na dami ng mga salitang magkakaugat, bukod sa malaking pagkakahawig sa palatunugan, palabuuan, at palaugnayan, ay pinapangkat sa isang angkan. Para sa lubos na pag-unawa ng linggwistika, tunghayan ang kabuuang paglalarawan nito sa figyur 1.

Sa descriptive linguistics ay inaalang ang sangkap ng wika sa itinakdang panahon. Kasama rito ang tunog o palatunugang sangkap, ang ma-





kabuluhang yunit ng tunog, ang balarila at retorikang ayos ng wika. Ang pag-aaral ng palatunugang sangkap ng wika ay tinatawag na ponolohiya. Ang sangay ng ponolohiya na tumatalakay sa pagbuo ng mga tunog ay tinatawag na articulatory phonetics samantala, ang tumatalakay sa pagtanggap ng mga tunog ay tinatawag na acoustic phonetics.


Morplohija naman ang tawag sa makahulugang yunit ng wika. Saklaw nito ang malayang anyo ng salita o mga salitang nagbibigay ng kahulugan at ang pinalawak na kinakabitan ng mga panlapi upang matukoy at magkaroon ng karagdagang kahulugan ang salita. Ang una ay tinatawag na free morphemes samantala ang huli ay bound morphemes.

Ang pag-aaral naman ng grammatical pattern ng wika ay may kinalaman sa ayos ng mga salita. Tinatawag ito bilang sintaksis samantala ang linggwistikang nauukol sa pagsusuri ng buong teksto at genre ay tinatawag namang diskurso.

Tunghayan ang figur 2 upang lalong maunawaan ang sangay na ito ng linggwistika pati ang saklaw nito.

Ang pag-aral at pag-alam ng mga ito ay nagsimula sa structural Grammar tulad ng kay Bloomfield (1917) immediate constituents o IC grammar patungo sa transformational-generative o TG ni Chomsky (1962) Patungo sa case grammar ni Fillmore (1987), ang dalawang huling






nabanggit ay patungo sa semantic o communicative grammar at ang pinakahuli ay ang kasalukuyang pedagogical grammar.

Ayon pa rin kay Santiago (1979) sa Pilipinas, masasabing ang modelong istruktural pa rin ang pinakapalask. Bukambibig man ang modelong transformational-generative ni Chomsky (1962) at ng kanyang mga kasamahan ngunit waring ang modelong ito ay hindi makapasok sa larangan ng pagtuturo ng wika sa mga paaralan. Panahon na lamang ang makapagsasabi kung aling modelo ang sa dakong huli ay totohanang papalit sa modelong istruktural.

Sa kasalukuyan ay marami pang lumilitaw na modelo sa linggwistika. Ang pinakahuli at malamang na siyang maging pinakamalaganap at gamitin sa darating na mga araw ay tinatawag na mathematical linguistics o linggwistikang matematikal. Kung minsan ay tinatawag itong computational linguistics. Bagama't ang disiplina ng ito ay hindi pa gaanong nalilintang sa ngayon, halos natitiyak nang ito ay magiging palasak sa malapit na hinaharap dahil sa pagdatal ng computer sa halos lahat ng larangan ng pag-unlad. Makikita sa figyur 3 ang paglalarawan ng sakop ng pag-aaral na ito.

Sa kabuuan, ang pagmamasid sa wika ay maaring tungkol sa mga katangian ng wika mismo o maaari rin namang sa nagiging epekto ng wika sa tao – sa ating mga gawi at paniniwala; at ang ating pagbibigay-ka-





hulugan sa mga bagay-bagay at pangyayari sa ating paligid ay masasalamain sa wika (Santiago, 1979). Nangangahulugan lamang na ang linggwistika ay ang pagsasaalang-alang at paggamit ng mga maagham na paraan sa pag-aaral at pagsusuri ng wika.

Sang-ayon din ito sa ideya ni Hockett (1947) dahil ayon sa kanya, sa tradisyunal na pag-aaral ng wika, di tinututukan ang istruktura ng salita. Pinagsama-sama lamang ang mga salita sa listahan at tinawag na bokabularyo. Nakita lang muli ang importansya ng ganitong pag-aaral noong nagkaroon ng emphasis sa mga pag-aaral na singkronik at nabigyang pansin ang istruktura ng salita (Nida, 1957).

Ayon kay Paz (2003), ang palaging isyu sa linggwistika ay ang paghahanap ng relasyon sa pagitan ng eksternal na mga tunog at internal na mga kahulugan kaya nga para kay Chomsky (1957), may sistema na nagre-releyt ng kahulugan sa mga tunog sa isipan ng tao. Para madeskrayb ang isang pangungusap, kailangang may paraan ang gramatika para madeskrayb ang aktwal na mga tunog, para marepresent ang kahulugan, at para madeskrayb ang sintaktik-straktyur na nag-uugnay sa dalawa.

Sosyolinggwistika

Ayon kay Hufana (1994) sa pagbanggit ni Lartec (2001), ang kalikasan ng wika ay hindi lamang estatikong paglalarawan ng tuntunin at



sistema kundi pati sa proseso at estratehiyang ginagamit ng tao sa pakikipagtalastasan at pakikipag-interaksyon. May kaugnayan ito sa sinabi ni Paz (2003) na ang wika ay isang sistema ng mga simbolo at senyales na binibigyan ng kahulugan ng mga miyembro ng grupo. Ang simbolo ang nagbibigay ng identidad o pagkakakilanlan sa mga tao at mga bagay sa lipunan.

Tumutugma ang ideya ni Gleason (1998) sa mga naunang pahayag sapagkat ayon sa kanya, ang wika ay isang eksklusibong pag-aari ng tao dahil tangan niya ito at instrumento sa pakikipagtalastasan kaya kapangyarihang taglay niya ito kung paano niya ito gagamitin, kailan at kanino.

Umaayon ito kay Daniel sa pagbanggit ni Austero (1999) na nagsasabing iniaakma ng tao ang kanyang wika sa kanyang mga kakilala at di-kilala, sa kanyang “boss” o pinuno, sa bata o matanda. Iba rin ang wika natin sa loob ng tahanan at paaralan kaysa sa loob ng husgado. Mahalaga kung gayon hindi lamang ang pagsasalita kundi papaano, kailan at kanino sasabihin.

Sa kabilang banda, ang katangin o baryabol gaya ng yaman, paniniwala, oportunidad, kasarian, edad at iba pa ay nagdudulot ng katangian ng varayti ng wikang dala ng relasyong sosyal ng mga miyembro nito. Kaya nga may sosyal-dayalek na gamit lang ng



nakaaangat sa buhay na kaiba sa mga varayti ng wika ng mga mahihirap kung paanong may pagkakaiba rin sa varayti ng mga nakapag-aral sa mga hindi nakapag-aral.

Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng wika, ang isang bata ay nahahanda sa haharaping papel niya sa kinabukasan. Ayon kay Stratus at Denzin, sa pagbanggit nina Aguilar atbp. (1995), ang isang bata ay nagiging sosyal sa sandaling nagkakaroon na siya ng kakayahang makipag-usap sa iba at makaimpluwensiya o maimpluwensiyahan ng iba sa pamamagitan ng salita. Ito ay sa dahilang natututuhan niya ang pamantayan ng pagkilos at pag-uugali na siyang umaayos ng mga relasyong panlipunan.

Ayon kay Finocchiaro (1974), social roles ang kalimitang tumutukoy sa linguistic roles (katulad halimbawa ng pag-uusap sa pagitan ng guro sa estudyante, doktor sa pasyente) at varayti ng wika na magagamit sa speech act. Bawat isa sa atin ay naiiba ang paraan ng pakikipag-usap sa maraming pagkakataon depende sa ating sosyal na kalagayan – ang sosyal o propesyunal na sitwasyon na ating ginagampanan; ang kinakailangang antas—pormal o impormal; ang paksa ng pinag-uusapan at iba pang salik na nakaaapekto sa ating verbal behavior.

Sang-ayon ito sa pahayag ni Lachica (1998), na bawat pakikipag-usap ng tao ay maaaring maganap sa isang lugar at panahon. Ayon na



rin sa unibersal na kasabihan, ang mga naroroong bagong pangyayari, sitwasyon at panahon ang bumubuo sa konteksto ng pakikipagtalastasan. Na maaaring makaimpluwensya sa mga taong nag-uugnayan. Ang masayang usapan ng dalawa o higit pang tao ay maaaring biglang magbago kapag may dumating na estranghero—nagbabago ang konteksto ng kanilang komunikasyon. Nagbabago rin ang takbo ng kanilang isipan kung ang pag-uusap ay paksang nakalulungkot o taong kinamumuhian, ganun din ang pag-uusap sa loob ng isang tahimik o sagradong lugar kaysa sa magulo at maingay na lugar, ganoon din sa pag-uusap kung may namumuong galit at masakit na paghihinala at iba naman kung naroon ang tiwala at katapatan sa isa't isa.

Idinagdag pa ni Tumangan (2000) na ang antas ng wika ay isang mabisang palatandaan kung anong uri ng tao siya at kung sa aling antas-panlipunan siya nabibilang. Katanggap-tanggap ang pahayag na ito ni Tumangan sapagkat kung nauunawaan nga naman natin ang antas ng wika, magiging madali para sa atin ang pag-agpang ng paggamit ng wika sa katayuan ng buhay, hinihingi ng pagkakataon, lugar o maging sa anumang okasyong dinadaluhan.

Akma rin ito sa *Limang Istilo sa Wika* ni Joas (1957) sa pagbanggit ni Austero (1999), na ang wika ay may relasyon sa mga lipunan at indibidwal na ginagamit nito. Nangangahulugan lamang na ang wika ay



nahuhulma o lumilitaw dala ng pangangailangan ng lipunang nagsasalita.

Sa kabuuang tanaw, nagiging makabuluhan ang mga varyant kung nagkakaroon ito ng halagang sosyal o importansya sa interaksyong sosyal.

Ang mga dalubwika ay nagkakaisa sa pagsasabing ang wika ay may kalikasan, kakayahan at katangian sa iba't ibang panig ng mundo. At sapagkat ang lahat ng wika ay may kanya-kanyang gamit sa loob ng lipunang ginagalawan, ito ang nagiging kasangkapan ng mga tao para sa materyal na pag-unlad, maging sa pagsulong ng kultura, edukasyon, agham, sining at humanidades.

Tumutugma ito sa pahayag ni Fanon (1977), ayon sa pagbanggit ni Almario (1996), na ang pagsasalita ng isang wika ay pagpasok sa isang daigdig at isang kultura—na ang wika ay hindi maihihiwalay sa “daigdig” at sa ‘kultura’ na pinag-ugatan nito at nagbibigay-buhay dito.

May kaugnayan din ito sa pahayag ni Aguilar (1995) na ang edukasyon ay isang pamamaraan ng sosyalisasyon at pagpapalitan ng kultura. Ito raw ay isang anyo ng interaksyong pangkatauhan, isang gawaing panlipunang nagaganap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa sa kanyang tungkulin sa lipunan.

Ipinahihiwatig lamang dito na ang edukasyon ay lumilina ng isang tunay na tao – pangkatawan, pangkaisipan, panlipunan, kabutihang-



asal at pangkaluluwa. Gayundin, ito ay ang paglinang ng tao upang siya ay magkaroon ng sapat na kaalaman, kasanayan at mga pagpapahalaga o mga valyu sa buhay; bagay na lubhang kailangan upang maging maayos at matiwasay ang pakikipamuhay ng tao sa kanyang lipunang ginagalawan.

Ang pakikipagkontak sa kultura at wika ng ibang grupo ang isa pang bagay na nagbabago sa envayronment at ito ay nagkakaroon ng impak sa isang wika. Dala ng mga bagong aytem sa kulturang pisikal tulad ng pang-araw-araw na gamit o arkitektyur, o ng mga gawi, mga ritwal o di kaya relihiyon, hindi maiiwasang magbago ang wika.

Maraming dalubwika ang nagpatunay na ang wika ay buhay o dinamiko sa pagdaan ng panahon. Ito ang masasabing permanenteng katangian ng wika. Ang pagbabago ay maaring tungo sa pag-unlad o pagkawala mismo ng wika.

Ang pagsasaalang-alang ng sosyolingwistika ay di gaanong makabuluhan subalit nakapagbibigay diin sa katotohanan ang mga mag-aaral at ang komunidad na kanyang kinabibilangan, kinagisnan at pinamalagian ang siyang sentro sa proseso ng pagkatuto.

Ang Guro at mga Mag-aaral

Ayon kay Lachica (1998), masasabing ang komunikasyon ay intensyonal na naglalayong maimpluwensyahan ang isipan, galaw at kilos



ng kausap o kaharap sa pamamagitan ng mga epektibong tekniko sa pakikipagtalastasan.

Ayon sa mga dalubwika at ilang tagamasid, malaon nang napagtanto ng mga pantas sa pagtuturo na ang dapat pag-ukulan ng paglilimi ay hindi ang guro o ang paksang aralin kundi ang mga mag-aaral. Ito ay walang iba kundi ang mga layunin ng pagtuturo ay para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay dapat na lubos na maunawaan ng guro sapagkat sila ang sukat ng lahat ng bagay sa pagtuturo.

Sinang-ayunan din ito ni Villanueva (1991), na dapat isaalang-alang ng guro ang mga mag-aaral at ang paksa sa pagpili ng pamamaraan ng pagtuturo.

Dahil magkakaiba ang mag-aaral, kailangang pag-iba-ibahin din ng guro ang kanyang pamamaraan. Binigyang diin ni Villanueva (1991) na dapat ay higit na alamin at unawain ng guro ang bawat mag-aaral sapagkat dapat niyang ibagay ang mga paksa at pamamaraan ng pagtuturo sa tunuturuan. Subalit nilinaw ni Mariano (1991) na hindi ang paksa ang ibabagay kundi ang pamaraan ang ibabagay sa likas na paksa.

Gayunpaman, kailangan ding ang guro ay may sariling paniniwala tungkol sa kalikasan ng mga mag-aaral at kung paano niya ito mapapanuto. Mahalaga ang kabatiran sa mga teorya dahil ang mga ito



ang magsasabi ng mga tamang gawain sa pagtuturo.

Makatutulong nang malaki sa guro kung malalaman niya ang iba't ibang pamamaraan sa paglalahad ng mga aralin. At upang maging matagumpay ang pagtuturo, ang guro ay dapat na pumiling mabuti ng pamamaraang gagamitin. Ngunit gamitin lamang sa pagtuturo ang pinakaangkop na estratehiya upang maging epektibo (Finocchiaro, 1974).

Ayon kay Pineda (2004), ang ikalawang bagay na dapat isaalang-alang sa pagtuturo ay ang mga uri at katangian ng mga mag-aaral sa bawat uri, mapagbubukod-bukod din ang mga estudyante ng tulad sa mga kategoryang pag-uri-uri ng mga guro. Sa bawat kategorya ay iba-ibang klase ng estudyante ang makikita. Nagkakaisa sila ni Villanueva (1991) dahil ayon sa kanya ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral ay makabuluhan sa pagtuturo at tungkulin ng gurong kilalanin at gamitin ang mga naturang kaibahan.

Dagdag pa ni Santiago (1979), ang edad, kakayahan, mithiin, pangangailangan, unang wika at karanasan sa wika ay makatutulong sa paghahanda ng aralin sa pagsasagawa at pag-iipon ng nararapat ng gamit sa pagtuturo. Ang mga ito ay ilan lamang sa magiging gabay para pumili ng metodolohiya at kagamitan sa pagtuturo tungo sa ikapapanuto ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro tungo sa pagkakaroon ng mag-aaral



ng agarang pagkatuto ng mag-aaral.

Ang pagtatanong ay ang pinakapuso ng metodolohiya ng pagtuturo. Ang maayos na pananalita at maingat na paghahanda ng mga tanong ang nagdadala sa pagpapatuloy ng aralin. Ang di maayos na pahayag at di makatotohanang katanungan ay nakapagpapahinto o nakapagpapaantala ng talakayan.

Ayon pa kay Barayuga(1992) sa pagbanggit ni Ngamoy (2002), ang pagsasalita ng guro ay may malaking impluwensiya sa mga mag-aaral dahil maaari itong makaganyak o makabawas ng kanilang sigla sa pakikinig at pakikiisa kaya nararapat lamang ng mag-ingat siya sa mga binibitiwang salita upang magsilbi siyang inspirasyon at hindi depresyon sa mga tinuturuan. Kaya nga dapat na iwasan ng guro ang paggamit ng mga estratehiyang nagbubunga sa pagiging pasibo ng mga mag-aaral at marapat lamang na gamitin ang mga estratehiyang makalilalang sa aktibong paggamit ng wika.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Lartec, (2001) nabanggit niya ang sinabi nina Bloomfield (1966) na ang pagkatuto at pag-unawa ng mga bata ay nakasalalay sa iba't ibang estratehiyang pinagsama-sama at hindi sa isang paraan lamang. Madaling makaunawa ang mga mag-aaral kung iiba-ibahin ng guro ang kanyang estratehiya sa pag-aangkop sa kanilang kalagayan.



Ayon pa rin sa kanya, nahahati sa tatlong aspekto ang pagsasalita ng guro; pisikal, interpersonal at pedagogikal. Ang aspektong pisikal ay tumutukoy sa tinig at estratehiyang pangkomunikasyon ng guro. Saklaw nito ang lakas, linaw at hindi maligoy na pagsasalita sa klase at ang paggamit ng mapangganyak na estratehiyang pangkomunikasyon na kailangan para sa kawili-wiling pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang aspektong interpersonal ay kinasasalamanin ng hangarin at pag-uugali ng guro na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, ang pedagogikal na aspekto at kumakatawan naman sa layunin ng guro sa pagsasalita.

Tumutugma itong kanyang pag-aaral sa ideya ni Garmston (1996), na ang guro ay may dalawang paraan ng pagsasalita-personal at pampagtuturo. Kung ang pokus ng guro ay sa pagpapadama ng simpatiya, pag-unawa at pagtanggap sa mga mag-aaral, ang ginagamit niya ay personal na pamamaraan. Ngunit kung ang pokus ay para gumabay at tulungang matuto sa klase ang mag-aaral, pampagtuturong pamamaraan naman ang kanyang gamit.

Sinang-ayunan ito ni Espiritu (2004), sapagkat ayon sa kanya, kung ang guro ang susi sa may kalidad na pagkatuto ng mga mag-aaral, marapat lamang na pagsikapan niyang mapaunlad ang kanyang propesyunal at pedagogikal na kasanayan sa pagtuturo. May pananagu-



tan siya sa edukasyon ng mga mag-aaral at ng bayan.

May kaugnayan din ito sa pahayag ni Badayos (2004), na ang isang epektib na programa sa pagtuturo ng Filipino ay hindi dapat nakabatay lamang sa mga batayang aklat at mga pagsusulit, kailangang ito'y nakapokus sa mga mag-aaral at binabalangkas ayon sa pinanaligang mga prinsipyo o sa pagkatuto at mga teoryang pangwika at pagtatamo ng literasi.

Maraming depinisyon ng estratehiyang pangkomunikasyon ang iminungkahi simula nang ipakilala ni Selinker (1972) ang konseptong ito. Isa sa mga depinisyong malimit tukuyin ay ang ibinigay ni Tarone (1980), na siyang kumilala ng estratehiyang pangkomunikasyon bilang di pangkaraniwang interaksyonal.

Ayon kay Finocchiaro (1974) ang mga sumusunod ay ilan sa mga estratehiyang ginagamit ng guro, gaya ng substitusyon, pagpapalit-coda, pagpapares ng pangungusap, pagbabaliktad, pagdaragdag, pagbabawas, pagpapalawak, pagsasalin at tanong-sagot.

Sa substitusyon ay gumagamit ang guro ng iba pang salitang kauri o kahalintulad bilang panghalili sa isang salitang ginagamit sa loob ng pangungusap upang maipaunawang maigi ang aralin sa mga mag-aaral.

Ang pagpapalit-wika o code switching ang karaniwang tawag sa halinhinang paggamit ng dalawa o higit pang wika. Isa ito sa mahahala-



gang tunguhin ng sosyolinggwistika sa paglikha at pagbuo ng mga alituntunin sa pagsasalita (Hymes, 1977)

Sa papapares naman ng pangungusap, ang guro ay nagbibigay ng pangungusap at pagkatapos ay magtatanong. Halimbawa, Kung ang bata sa kwento ay nakakaawa, ano naman ang ama nito?

Sa pagbabaliklad ay nagbibigay ang guro ng modelong pangungusap. Halimbawa ay pasalaysay, pagkatapos ay hihilingin sa mag-aaral na gawin itong patanong.

Sa pagdaragdag ay gumagamit ang guro ng pagdurugtong sa ideya ng mag-aaral upang palawakin ang kaisipang tinatalakay.

Sa pagbabawas ay gumagamit ang guro ng mga bitin o hindi tapos na pangungusap o kaisipan at pinadudugtungan na lamang ito sa mga mag-aaral.

Kung ang layunin naman ng guro ay makipag-interak ang lahat niyang mag-aaral ay napakainam na gamitin ang estratehiyang tanong-sagot. Dito ay magtatanong ang guro sa mag-aaral 1. Sasagot ang mag-aaral 1 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 2. Sasagot ang mag-aaral 2 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 3 hanggang makapagsalita ang lahat.

Kaugnay pa rin nito, tinukoy ni Mitchell (1988) ang ilang mga estratehiyang pangkomunikasyon na ginagamit ng guro para pagtibayin



ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa ilang hindi kilalang aytem. Hinati niya ito sa dalawa bilang L2 medium at L1 based medium. Sa L2 medium, kasama dito ang mga sumusunod na estratehiya: pag-uulit, inuulit ng guro ang isang aytem; paghahalili, nagbibigay ang guro ng salitang panghalili sa isang aytem; pagpapaliwanag, ipinaliliwanag ng guro ang kahulugan ng isang aytem; pag-iiba, nagbibigay ang guro ng ibang aytem na maaaring kapangkat din ng aytem; at pagbibigay tanda, nagbibigay ang guro ng mga aytem na may kaugnayan sa nabanggit na aytem. Sa L1 based medium naman, kasama dito ang pagpapakahulugan kung saan nagbibigay ang guro ng pagpapakahulugan o pagsasalin sa isang aytem at pagpapalit-wika, nagsasalita ang guro sa paraang bilinggwal. Inuulit niya ang mensahe sa unang wika na naunang nasabi sa pangalawang wika.

Naitala nang pabuod ni Scotton (1979), ang mga dahilan ng pagpapalit-wika. 1). kakulangan ng kaalaman sa isang wika o kahirapang magsalita sa isang wikang iyon ukol sa natatanging paksa. Ang kakulangang ito ang nagbubunsod sa tagapagsalitang magpalit-wika sa ilang bahagi ng kumbersasyon; 2). Eksklusibong pakikipag-usap sa taong nakakaalam ng wika. Nangyayari ito kung may paksang nais ipaalam sa kaibigan o kausap nang hindi nauunawaan ng iba pang kasama sa grupo; 3). Mala-estilong hudyat—pagbabago sa daloy ng pakikipag-usap, mula



sa pagiging pormal tungo sa pagiging impormal o bise-bersa; 4). pagpapakitang-husay sa maraming wika o sa kilalang wika.

Nagbigay naman si Hatch (1979) ng tatlong estratehiyang pangkomunikasyon na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Una, paggamit ng ilustrasyon, dibuho at krokis; Pangalawa, paggamit ng maraming halimbawa sa pagpapakita ng konsepto o ideya; at pangatlo, muling pagpapahayag sa katanungan sa ibang paraan (Espique, 2005).

Ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ayon kay Tarone (1980) ay lumalabas kung hindi naihahatid ng tagapagsalita ang kanyang nais ipahayag sa paraang nauunawaan ng mga tagapakinig. Dahil dito, gumagamit siya ng iba't ibang estratehiyang nakatutulong sa pag-unawa. Sa taksonomiya ni Tarone (1980), limang pangunahing kategorya ang kinilala: Pag-iwas o paglilihis, pagbibigay hiwatig/clue, paglilipat-wika, pagtatama at paggagagad. Sa estratehiyang pangkomunikasyon na paglilipat-wika, minamabuti na lamang ng tagapagsalita na huwag nang magsalita para maiwasan ang suliraning pangkomunikasyon. Dalawa ang dahilan nito, 1). Pag-iwas sa paksa o topik upang maiwasan ang suliranin at 2). Pag-iwan sa mensahe kung saan ang mag-aaral ay nagsisimulang magtukoy ng bagay o salita ngunit sumsusuko dahil sadyang napakahirap nito. Sa pagbibigay hiwatig/clue, ayon kay Tarone (1980), dito ay binabago ang mga salita ng mensahe sa paghalili,



katanggap-tanggap na pagbuo ng target na wika, sa mga sitwasyong kung saan ang angkop na anyo o palabuan ay hindi kilala o hindi pa matatag. Ang pagbibigay hiwatig/clue ay nahahati sa pagtatantiya, paglikha ng salita at circumlocution. Paglilipat-wika, pagsasalin ng salita sa salita mula sa unang wika, literal na pagsasalin o paggamit ng unang wika sa termino at pagpapalit-coda. Sa pagtatama naman, ang mga mag-aaral ay hinihingan ng tamang termino samantalang sa paggagad ay ginagamitan ng di-berbal na estratehiya.

Inilalagay ni Faerch at Kasper (1983) ang estratehiyang pangkomunikasyon sa modelo ng paglikha ng pananalita. May dalawang anyo ang modelong ito, ang anyo ng paghahanda kung saan ang mga balakin ay binuo at ang anyo ng pagsasakatuparan kung saan ang binalak ay isasagawa. Kapag nagkaroon ng problema o hadlang upang di maisakatuparan ang balakin, ang mag-aaral ay umiiwas sa problema na maaaring magdulot ng pagbabago sa komunikatibong tunguhin na tinatawag na *reduction strategies* o pagharap sa problema at nakadedebelop ng alternatibong balakin/plano na tintawag na *achievement strategies*.

Sa *formal reduction*, ang mag-aaral ay nakikipagtalastasan sa pagmagitan ng masistemang pagbawas fonolojikal, morfolojikal, sentaktikal o leksikal, samantalang sa *functional reduction* ay sangkot ang pagbawas sa



komunikatibong tunguhin. Kabilang dito ang kay Tarone (1980), ang pag-iwas sa tapik/paksa at pag-iwan o pagbalewala sa mensahe. Isinama rin ni Faerch at Kasper (1983) ang paghalili ng kahulugan bilang pagbabawas na fanksyunal. Ang gamit ng estratehiyang *meaning replacement* ay nagpapahiwatig ng lalong pangkalahatang tukoy sa subjek. Ang *achievement strategies* ay maaaring paglutas ng problema sa anyong pabalak na tinatawag na *compensatory strategies* o kaya naman ay ang paghagilap, pagbawi o pagpapanatili ng nawawalang termino at katawagan na tinatawag na *retrieval strategies*. Ang bahagi ng estratehiyang kompensatori ay batay sa iba't ibang kowd (code switching at interlingual transfer), ang naiibang kowd at ang interlingual code lamang (generalization, paraphrase, word coinage at restructuring), diskursong di pangkaraniwan o di-berbal na komunikasyon (mime, gestures atbp.) Paglalahat, pagbibigay hiwatig at paglikha ng salita lamang ang tumutugma sa pagtatantiya, paglikha ng salita at circumlocution ni Tarone (1980).

Tinukoy ni Kellerman (1991) na ang ibang mga estratehiyang nagpapakita ng pagkakapareho ay saklaw ng prosesong kognitib kaya hindi dapat uriing ibang estratehiya kahit pa ang mga ito ay may pagkakaiba sa pag-unawaang pangwika. Pinagtalunan din na ang mga estratehiya ay hindi nilahat sa ilalim ng tungkulin, wika at mag-aaral. ang



Pinakakaraniwang suliranin na may kinalaman sa depinisyon ng estratehiya minsan ay masyadong malabo o hindi malinaw ang paliwanag at ang pagpili ng pamantayan, halimbawa: Ang pagbuo ng bagong salita bilang isang depinisyon para sa isang likhang salita ay binabalewalang lahat ang mga salitang nilikha ng mag-aaral kahit na ito ay dati nang wikang ginagamit.

Ayon kay Cohen (1990), walang estratehiyang likas na mabuti o masama dahil mayroon silang kanya-kanyang kakayahan sa paggamit nito nang epektibo. Ayon pa sa kanya, ang kabuuang bilang sa paggamit ng iba't ibang estratehiya at ang kadalasan ng paggamit ng mga ito ay hindi indikasyon ng tagumpay sa mga gawaing pagtuturo ng wika. May ilang baryabol na nakaiimpluwensya sa paggamit ng mga ito. Maaaring ito ay may kaugnayan sa demograpiko ng mga mag-aaral gaya ng gulang, kaligirang pangkultura, kasarian at mga isyu tulad ng katatasan sa wika, istilo ng pag-aaral, konteksto, pangangailangan ng gawain at pakikitungo ng mga mag-aaral. Alinman sa mga ito ang dahilan, ang paggamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ay may malaking tulong para sa matagumpay na interaksyon sa klase.

Mga Lokal na Pananaliksik

Sa pananaliksik ni Ngamoy (2002) ng *Mga Estratehiyang Pangkomunikatibo sa Pagtuturo ng Filipino sa Kumbinasyong klase sa*



Distrito ng Bagulin, La Union, tinukoy niya ang mga estratehiyang pangkomunikatibong ginamit ng mga guro sa pagtuturo tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng paksang aralin. Naging batayan ng pagsusuri sa pag-aaral na ito ang inirekord na pangkklase at dito ay natuklasang ang mga guro sa kumbinyong klase ay gumagamit ng mga estratehiyang pangkomunikatibo gaya ng pag-uulit, pagbibigay ng clue, substitusyon, pagpapalit-coda, pagpapaliwanag at pagbibigay-interpretasyon sa pagtuturo sa Filipino.

May mga estratehiyang pangkomunikatibong madalas gamitin ng mga guro sa pagtuturo upang maging malinaw ang paglalahad ng aralin sa mga mag-aaral.

Natuklasan ding may kabuluhang pagkakaiba ang mga pinakagamiting estratehiyang pangkomunikatibo ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga kumbinyong klase ayon sa edad, baitang na tinuturuan at bilang ng taon sa pagtuturo.

Ang pag-aaral ng Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University ay isinagawa naman ni Lartec, (2001). Sinuri sa pag-aaral ang nakarekod na pangkklase ng mga guro sa iba't ibang kolehiyo at kasama rito ang talatanungang pinasagot sa mga mag-aaral upang matukoy at masuri ang kanilang guro. At dito'y natuklasan na ang mga guro sa Filipino sa antas tersyarya ng BSU ay



gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyong gaya ng pag-uulit, pagbibigay ng clue, pagpapalit – coda pagpapaliwanag at substitusyon upang maging malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang paksang itinuturo.

Napatunayan ding positibo ang persepyon ng mga estudyante sa paggamit ng guro ng wika sa pakikipag-ugnayan sa kanila.

Nabatid naman sa pag-aaral ni Carias (2000) na gumagamit ang mga guro ng mababang paaralan ng Baguio Colleges Foundation, ng mga teknik o estratehiya sa pagtatanong upang masagot at maganyak na makipag-interaksyon ang mga mag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na ang pinakaepektibo at madalas gamitin ng mga guro ay ang paggamit ng likas, kawili-wili at may himig na pananalita sa pagtatanong. Hindi rin tinatanggap ng mga guro ang sabayang pagsagot. Natuklasan din na walang pagkakaiba ang mga teknik ayon sa mga asignatura ng mga mag-aaral.

Sinuri naman si Valerio (1999) ng interaksyong pangklase sa Ingles, Agham at Matematika sa hayskul sa ilan sa mga paaralan sa La Trinidad, Benguet. Inobserbahan at inirekord niya ang interaksyong pangklase ng 12 guro bilang respondente upang masuri ang interaksyong pangklase. Ginamit niya ang modelo ni Mitchell at scale ng modelo ni Brophy at Good at nina Johnson, Chan at Shek..



Natuklasan sa pag-aaral na gumagamit ng iba't ibang estratehiya ang mga guro sa pakikipagkomunikasyon sa mga mag-aaral. Ang mga ito ay pagpapalit-coda, pagpapaliwanag, pag-uulit, pagbibigay ng clue at pagbibigay interpretasyon. May kabuluhang pagkakaiba ang dalas ng paggamit ng pag-uulit at pagpapalit-coda sa Ingles at Agham ngunit hindi sa Matematika.

Napag-alaman din na ang mga guro ay gumagamit ng panlabas at panloob na pagganyak sa pagtuturo. Kabilang dito ang pagtatanong at pagpapasagot sa mga tinuturuan, pagpupuri, pag-oorganisa, pagpapaikli at paggamit ng feedback.

Sa pag-aaral ni Dumo (1992) tungkol sa interaksyong pangklase ng mga mag-aaral sa Science at Mathematics sa Unang Taon sa Hayskul ng Saint Louis University, Baguio City, napatunayan na ang mga guro ay gumagamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon. Ginagamit nila ang pagpapaikli, pagdidiin sa mahalagang salita, matagal na paghinto, pag-aantala, intonasyon at pagbigkas sa estratehiyang ponolojikal; pagpapalit-coda, repetisyon ng salita o parirala, pagbabago sa kahulugan ng mga salita, pagsisiguro, paggamit ng contextual clues at ilustrasyon naman ang ginagamit sa estratehiyang leksikal. Samantala, sa estratehiyang sintaktika naman ay pagwawasto sa gramatika, pag-uulit, restatement, pagpapalit-coda, pagbubuod ng konsepto at sagot ng mga mag-aaral ang



ginagamit ng mga guro.

Ang ibang estratehiya gaya ng pag-uulit, pagkakaroon ng malinaw, at madalas na pagpapaliwanag, pagtatanong, pagpapahalaga, pagtataya, pagwawasto at pagpapadali sa mga katanungan ay nabibilang sa estratehiyang pandiskurso.

Tatlong modelo ang ginamit sa pagsusuri ng datos; ang modelo nina Sinclair at Coulthard (1978) para sa pagsusuring pandiskurso; ang aspekto ng input sa pag-unawa ni Krashen (1981); at ang modelo sa pagwawasto ng mali ni Chaudron (1985).

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga guro ay gumagamit ng mga estratehiyang pag-unawa tulad ng fonolojikal, leksikal, sintaktikal at pandiskurso. Ang kabilang sa estratehiyang fonolojikal ay pagpapaikli, pagdidiin sa mahabang salita, mas matagal na paghinto, pag-aantala, intonasyon at pagbigkas. Saklaw naman ng estratehiyang leksikal ang pagbabago ng kahulugan ng salita, paggamit ng context clues at ilustrasyon, pagsisiguro, code-switching at pag-uulit ng salita o parirala. Samantala, sakop naman ng estratehiyang sentaktik ang pag-uulit, restatement, pagbubuod ng konsepto, pagbubuod ng sagot ng mag-aaral, code switching at pagwawasto sa maling gramatika. At nabibilang naman sa estratehiyang pandiskurso ang pag-uulit, pagkakaroon ng malinaw at madalas na pagpapaliwanag, pagtatanong, pagpapahalaga, pagtataya,



pagwawasto at pagpapadali ng mga katanungan.

Samantala, sa pag-aaral naman na isinagawa ni Bailon (1998), isinama niya ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Mathematics upang makuha ang berbal o di-berbal na pagtugon. Talatanungan ang ginamit na instrumento upang makuha ang persepsyon ng mga mag-aaral sa pangkalahatang pattern ng pagsasalita at mga mag-aaral at ang atityud ng guro ayon sa aspektong pisyolohikal, interpersonal at pedagogikal.

Sinuri rin ni Casingal (2000) ang interaksyong pangklase sa kursong Engineering at Architecture sa Pangasinan State University at batay sa nai-videong pagkaklase ng siyam na guro, natuklasan niyang ang pinakagamiting communication adjustments ng mga guro ay pagpapalit-coda, pag-uulit at paggamit ng guhit o sketches.

Balangkas ng Konsepto

Sa pag-aaral na ito, ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ay ibinatay sa mga teoryang pangwika na nag-uugnay ng mga aktwal na sitwasyon upang magbigay linaw at makapagpaliwanag ng paraan sa pagkatuto ng wika. Ang mga ito ay ang teoryang pangwika, linggwistiks at sosyolinggwistiks.

Ang pag-aaral ng wika ay nakatuon sa mga konseptong



nagpapatibay sa malaking papel na ginagampanan ng wika sa isang indibidwal at bansa.

Sa paraan ng linggwistiks, binigyang diin ang malaking gampanin sa pagkatuto at pagtuturo sa pag-aaral ng wika gamit ang maagham na paraan at pagsusuri nito.

Batay naman sa sosyolinggwistiks, nakafokus ito sa paggamit ng wika na siyang namamagitan upang maintindihan ang sarili, karanasan, kapwa-tao, ibang tao, paligid, mundo, obhetibong realidad, pulitikal, ekonomiks at kultural.

Binigyang pansin din sa pag-aaral na ito ang pagkakaroon ng mga guro ng mga kaalaman sa teorya, pananaw at simulain sa pagtuturo, sa mga estratehiya at paraan ng pagtuturo na siyang gagabay sa kanila sa pagtuturo upang palaging mabisa ang pagtuturo tungo sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Makikita sa Figyur 4 ang paradim ng pag-aaral na batay sa teoryang linggwistiks at sosyolinggwistiks na makaaapekto sa pagtatamo ng pagkatuto. Idaragdag ang mga nakateyp na pagtuturo ng mga guro sa Filipino upang masuri ang ginagamit na estratehiyang pangkomunikasyon. Kinuha rin ang kanilang profile.

Nakuha ang persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa pamamagitan




ng talatanungan.

Sa proseso sinuri ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng guro sa antas tersyarya na siyang pinakapangunahing proseso sa pananaliksik na ito. Sinuri rin ang lawak ng pagkakagamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng nakateyp na pangklase at antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro. Talatanungan din ang ginamit sa pagtukoy ng antas ng edukasyong natapos at unang wika ng guro bilang mga subjek ng pag-aaral na ito, gayundin ang pagtukoy ng kolehiyong kinabibilangan ng mga tinuturuang mag-aaral bilang mga respondente ng pag-aaral na ito.

Makikita sa output ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na ginagamit ng mga guro, lawak ng mga estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa kanilang profile at antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya.





Figur 4. Paradim sa estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro



Katuturan ng mga Katawagan

Dahil may mga salitang nagamit ang mananaliksik na maaaring hindi gaanong malinaw para sa ilang mambabasa, sinikap ng may-akda na bigyang kahulugan ang mga salitang ito para sa lubos na ikauunawa ng mga mambabasa at susunod pang mananaliksik.

Acoustic Phonetics. Pag-aaral ng wika na tumatalakay sa pagtanggap ng mga tunog.

Applied Linguistics. Nauukol sa paggamit ng wika, paano ito natamo at natutunan at kung paano ito ituturo.

Articulatory Phonetics. Ito ay pag-aaral ng wika na tumatalakay sa pagbuo ng mga tunog.

Bound Morphemes. Ito ay tumutukoy sa mga salitang kinakabit o dinudugtungan ng mga panlapi.

Context clue. Ito ay mga salitang nagtataglay ng mga pahiwatig sa mga kasama nitong salita sa loob ng pangungusap upang maging malinaw ang kahulugan nito nang madali itong maunawaan ng mga mag-aaral.

Computational Linguistics. Tumutukoy sa mathematical linguistics.

Dalubwika. Tawag sa mga taong may sapat na kaalaman sa pinagmulan, uri, katangian at pag-unlad ng iba't ibang wika.

Descriptive Linguistics. Ito ay pag-aaral ng mga sangkap ng wika



kasama na ang tunog, balarila at retorikang ayos ng wika sa isang bigay na panahon.

Diachronic Linguistics. Pag-aaral ng wika na may kinalaman sa mga pagbabagong nagaganap sa wika sa paglipas ng panahon.

Di-istandard na Wika. Tumutukoy ito sa wikang palasak na ginagamit sa karaniwang pakikipag-usap sa araw-araw. Ang wikang ito ay kakikitaan ng mga magagaspang, sunod sa uso at brutal na pananalita.

Diskurso. Pag-aaral ng wikang nauukol sa pagsusuri ng buong teksto.

Edukasyon. Tumutukoy sa pagtuturo, pagpapanuto, pagbibigay, pagtatamo ng karunungan, kaalaman, kasanayan atbp.

Estratehiya. Mga pamamaraang ginagamit ng mga guro nang ang mga mag-aaral ay maganyak at sumigla sa pagtatamo ng mabungang pagkatuto.

Estratehiyang Pangkomunikasyon. Pamamaraang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo upang mahikayat ang mga mag-aaral na makipag-interaksyon sa klase nang malinang ang kanilang kakayahan sa pagsalita at pagsulat.

Free Morphemes. Tumutukoy sa mga salitang nagbibigay ng kahulugan.

Grammatical Pattern. Ito ay pag-aaral tungkol sa ayos ng mga



salita.

Istandard na Wika. Tumutukoy ito sa wikang kinikilala, tinatanggap at patuloy na ginagamit ng mayorya lalo na sa mga pormal na pakikipagkomunikasyon.

Kultura. Tumutukoy sa saloobin at kabuhayan ng isang lahi o bansa.

Linggwistika. Maagham na pag-aaral tungkol sa mga wika.

Linggwistikang Historikal. Pag-aaral ng mga wika at paghahanap ng mga patunay na ang wika sa daigdig ay nagmula sa iba't ibang angkan.

Literasi. Karunungan bumasa at sumulat.

Mathematical Linguistics. Isa pang sangay ng pag-aaral ng wika na inaasahang papalit sa structural grammar sa malapit na hinaharap dahil sa patuloy na pag-unlad ng mga teknolohiya.

Morpolohiya. Pag-aaral ng makahulugang yunit ng salita.

Pagbabago/restatement. Pagpapalit ng guro ng isang elemento ng isa pang elemento. Halimbawa, binabago ang pangungusap gamit ang kahalintulad na ekspresyon.

Pagbabaligtad. Estratehiya ng guro kung saan siya ay nagbibigay ng modelong pangungusap halimbawa ay pagsasalaysay, pagkatapos ay hihilingin sa mag-aaral na gawin itong patanong.



Pagbabawas. Paggamit ng guro ng mga pangungusap na bitin o hindi tapos at pinadudugtungan na lamang ito sa mag-aaral.

Pagbibigay-clue. Ito ang pagbibigay ng guro ng paglalarawan at karagdagang impormasyon sa paksang tinatalakay.

Pagbibigay interpretasyon. Ito ang paggamit ng guro ng sariling mga halimbawa at pamamaraan sa pagtuturo (Ngamoy, 2002).

Pagdaragdag. Pagpapalawak ng guro ng ideya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kaisipan.

Paglilipat-wika. Tumutukoy sa estratehiyang pangkomunikatibo sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng wika ng guro sa mag-aaral tulad ng paggamit ng Ingles, Ilokano at iba pang diyalekto upang mabigyang-linaw ang mahihirap na konsepto. (Lartec, 2001).

Pagpapaliwanag. Ang pagbibigay ng guro ng dagdag na kaalaman at paglilinaw sa kahulugan ng paksang tinatalakay.

Pagpapares ng Pangungusap. Ang guro ay nagbibigay ng pangungusap at pagkatapos ay nagtatanong. Halimbawa: Kung ang bata sa kwento ay nakakaawa, ano naman ang ama nito?

Pagsasalin. Isinasalin ng guro sa Filipino ang mga salita o pangungusap na ibinigay ng mag-aaral gamit ang unang wika nito o kaya naman, isinasalin ng guro sa unang wika ng mga mag-aaral ang may



malalim na kahulugang salita sa Filipino hango sa aklat na nabanggit sa talakayan.

Pag-uulit. Tumutukoy ito sa pag-uulit ng guro ng kanyang pahayag upang siya'y lalong maunawaan ng mga mag-aaral.

Pamamaraan ng Guro. Paraan at gawi ng guro sa pagtuturo na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais makamtan ng mag-aaral.

Pangalawang Wika. Tumutukoy ito sa wikang pinag-aralan at natutunang gamitin sa pakikipagtalastasan ng isang guro o mag-aaral.

Persepsyon. Ito ay ang pagkakaunawa ng isang mag-aaral ayon sa kanyang sariling pananaw tungkol sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginamit ng guro.

Ponolohiya. Pag-aaral ng pinakamaliit ng yunit ng tunog.

Sintaksis. Pag-aaral ng wika na nauukol sa ayos ng mga salita.

Sosyolinggwistika. Ito ay pag-aaral ng wika ayon sa kontekstong gamit nito sa komunikasyon ng mga miyembro o grupo ng mga guro at mag-aaral.

Substitusyon. Ito ang pagtutumbas sa mga mahihirap na salitang ginagamit ng guro sa pagtuturo.

Synchronic Linguistics. Pagsaliksik ng mga wikain sa isang bigay na panahon.

Teknik. Pamamaraan sa pagbibigay ng mga detalye sa pagganap



ng anumang sining o ang pamamaraang nangangailangan ng tanging kaalaman o kasanayan.

Teoretikong Linggwistika. Pag-aaral na nauukol sa kalikasan ng wika at sangkap nito.

Teorya. Ito ay tumutukoy sa mga haka-haka o pala-palagay tungkol sa wika.

Unang Wika. Ito ay tumutukoy sa wikang kinagisnan at kinalakhan ng isang guro o mag-aaral.

Wika. Tumutukoy sa salita ng tao o pangungusap na sinasabi ng isang nagsasalita.

Haypotesis ng Pag-aaral

1. Ang mga guro ng Palawan State University ay gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino sa antas Tersarya.
2. May makabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika, at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.
3. May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersarya.



PAMAMARAAN NG PANANALIHSIK


Kaganapan ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Palawan State University (main campus), Puerto Princesa City, Palawan. Ang naturang paaralan ay ang kauna-unahan, pinakamalaki at prestihyosong unibersidad na binubuo ng siyam na kampus sa buong lalawigan ng Palawan. Ang pangunahing kampus ay matatagpuan sa Tiniguiban Heights, Puerto Princesa City na binubuo naman ng walong kolehiyo; ang College of Arts and Humanities, College of Business and Accountancy, College of Nursing and Health Services, College of Engineering, Architecture and Technology, College of Teacher Education, College of Sciences at School of Law. Bawat kolehiyo ay nag-aalok ng iba't ibang kurso. Ang College of Education ay tinaguriang *sentro ng kahusayan* sa edukasyon (Center of Excellence) sa rehiyon IV-B.

Mga Respondente

Ang mga respondente ng pag-aaral ay walong guro na nagtuturo ng iba't ibang asignaturang Filipino sa antas tersarya kung saan ay oobserbahan, iteteyp at susuriin ang pakikipag – interaksyon sa mga mag-aaral na tinuturuan na nabibilang sa iba-ibang kolehiyo.





Figur 5. Mapa ng lokasyon ng pag-aaral.



Paraan ng Pananaliksik

Ang ginamit na pamamaraan sa pag-aaral ay palarawan. Inilarawan ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng klasrum. Upang masuring ganap ang interaksyong nagaganap, gumamit ang mananaliksik ng audio tape recorder at aktwal na pag-oobserba sa klase.

Ginamit ang modelo ni Tarone (1980) upang pagbasehan sa pagtukoy at pagsuri ng mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng guro sa pagtuturo. Batay sa obserbasyong isinagawa at nakateyp na pagkaklase, anim na estratehiya ang kinuha; ang pagpapaliwanag, pagpapakahulugan, pag-uulit, substitusyon, paglilipat-wika (Language Switch) at pagbibigay ng clue (Paraphrasing).

Gumamit din ng talatanungan ang mananaliksik sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa mga guro gaya ng antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral na tinuturuan at persepsyon ng mga mag-aaral sa estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo.

Pangungulekta ng mga Datos

Pinakinggan at sinuri ang mga nakateyp na pagkaklase ng mga guro upang matukoy ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na kanilang ginamit. Gumamit ng talatanungan



upang makuha ang persepsyon ng mga mag-aaral.

Istatistikong Pagsusuri

Kinuha ang frequency counts, mean at niranggo upang matukoy ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersarya ng Palawan State University sa level of significance na .01. Sa paghahambing ng lawak ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral ay ginamit naman ang Analysis of Variance sa level of significance na .05. Sa pagkuha ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon, ginamit ang Kolmogorov-Smirnov-Z test at 5 point scale. Ang 4.50 – 5.00 – palagi; 3.50 – 4.49 madalas; 2.50 – 3.49 minsan; 1.50 – 2.49 bihira; at 1.00 – 1.49 hindi.



PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay nakatuon sa pagsusuri, interpretasyon ng mga datos, resulta at diskusyon batay sa mga sumusunod na tiyak na suliranin.

1. Anu-ano ang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa Antas Tersyarya ng Palawan State University?

2. Ano ang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ayon sa:

- a. antas ng edukasyong natapos
- b. unang wika
- c. kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.

3. Ano ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa Antas Tersyarya ng Palawan State University.

Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro Sa Pagtuturo ng Filipino

Nakasaad sa talahanayan 1 ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga subjek na guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya batay sa modelo ni Tarone (1980). Ang mga ito



Talahanayan 1. Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino (N-8)

Mga Estratehiyang	Mean	Ranggo
Pagpapaliwanag	23.25	2
Pag-uulit	43.38	1
Substitusyon	15.50	4
Paglilipat-wika	10.25	5
Pagbibigay-clue	20.00	3
Pagpapakahulugan	9.38	6
Kabuuang Mean	20.29	

F-Value= 9.92**

Probability+ < .01

ay pagpapaliwanag, pag-uulit, substitusyon, paglilipat-wika, pagbibigay-clue at pagpapakahulugan. Ang tugon ng mga guro ay sinuri sa pamamagitan ng frequency, mean at saka ranking.

Mababatid sa talahanayan na nangunguna sa ranggo ang pag-uulit na may mean na 43.38, pangalawa ang pagpapaliwanag 23.25, pangatlo ang pagbibigay-clue 20.00, pang-apat ang substitusyon na may mean na 15.50, Panlima naman ang paglilipat-wika sa mean na 10.25 samantalang pang-anim ang pagpapakahulugan na umabot lamang sa mean na 9.38.

Pag-uulit. Makikita sa talahanayan 1 na sa anim na estratehiyang pangkomunikasyon, nangunguna ang pag-uulit sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University. Indikasyon lamang na madalas ulitin ng mga guro ang kanilang pahayag sa kanilang pagtuturo ayon sa iba't ibang layunin sa pagtalakay ng paksang-aralin.



Sa transkripsyon, ginamit ng guro ang estratehiyang pag-uulit upang bigyang diin ang pagpapaliwanang ng aralin (na nauna nang ipinaliwanag ng mag-aaral) nang lalo itong maunawaan ng buong klase.

G: Anong patern mayroon dito class? Basahin ninyo nga itong dalawa ,ano ang pagkakaiba nitong dalawa?

M: Sir, kapag ang salitang – ugat ay nagsisimula sa patinig, mauuna ang panlapi , ngunit kapag ang salitang –ugat ay nagsisimula sa katinig, ilalagay ang panlapi sa pagitan ng unang letra, at ikalalawang letra ng unang pantig. Halimbawa, ang salitang –ugat na inom ay magiging umiinom-nauuna ang panlapi, Sa salitang – ugat naman na nagsisimula sa katinig tulad ng bata ay magiging bumata-inilalagay ang panlapi sa pagitan ng una at ikalalawang letra ng unang pantig.

G: *Ok, kapag ang salitang – ugat ay nagsisimula sa patinig, mauuna ang panlapi ngunit kapag ang salitang – ugat ay nagsisimula sa katinig, ilalagay ang panlapi sa pagitan ng una at ikalawang letra ng unang pantig. Ito ay hinidi lamang sa dahilang walang salitang umbata at iumnom, kundi dahil mayroon tayong pattern na sinusunod sa pagbubuo ng salita.*

Sa punto namang ito, gumagamit ng pag-uulit ang guro upang mabatid kung talagang tiyak sa naging kasagutan nila ang mga mag-aaral.

G: Magbigay pa ng pangungusap Bb. Guevarra.

M: Ikinatuwa ng lahat ang kanyang tagumpay.

G: *Ikinatuwa ng lahat ang kanyang Tagumpay. Ok, ano ang paksa dito?*

M: Ang kanyang tagumpay.



G: Pandiwa?

M: Ikinatuwa!

G: *Paksa?*

M: ang kanyang tagumpay

G: Pandiwa?

M: Ikinatuwa!

Ipinakikita sa transkripsyong nasa ibaba na ginamit din ng guro ang pag-uulit upang bigyang-pansin at linawin ang alinlangan sa panig ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang naging kasagutan.

G: Nasa anong, paksa ang “Ako ay nagsulat sa papel”?

M1 tagaganap!

M2: Maa’am tagatanggap?

G: Hanapin nyo kasi ang simuno klas kaya nga ano yan, tagaganap o tagatanggap?

M: Tagaganap!

G: *Tagaganap!*

Sa transkripsyon namang ito ginamit ng guro ang pag-uulit upang kunin ang atensyon ng mga mag-aaral hinggil sa kanyang naging katanungan na hindi tinugon ng mga mag-aaral.

M1: Pinagkainan ko ang saha ng saging.

M2: Ma’am ano po ang saha?

G: *Saha ng saging?* Hindi nyo alam ang saha ng saging?



(pause) Ang tanong ko, *hindi niyo alam ang saha ng saging?*

Sa punto namang ito, ginamit ng guro ang pag-uulit bilang pagbibigay – puna sa naging tugon ng mag-aaral upang iwasto ito.

G: Magbigay ng salitang maylaping kabilaan, Ms. San Diego.

M1: Kasiyahan po!

G: *kasiyahan! Kasiyahan.* tama ba class?

M2: Ma'am kasayahan po!

G: Ok, *kasayahan.*

Batay sa mga transkripsyong nabanggit, pinatutunayan lamang na malimit gumamit ng pag-uulit ang mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya upang bigyang-diin ang ilang bahagi ng paksang-aralin sa kanilang pagpapaliwanag, upang bigyang linaw ang pag-aalinlangan ng mga mag-aaral sa naging tugon, upang kunin ang atensyon ng mga mag-aaral sa pagkuha ng angkop na kasagutan at bilang pagpuna sa maling kasagutan ng mga-aaral.

Gaya ng pag-aaral na isinagawa ni Ngamoy, B.C. (2002) sa kanyang “Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino sa kumbinasyong klase, “nangunguna rin ang pag-uulit sa anim na mga estratehiyang pangkomunikasyong nabanggit. Sumang-ayon ito sa pag-aaral ni Lartec, J.K (2001) na pinamagatang “Interaksyong Pangklase sa



Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University, “sapagkat napag-alaman niya sa resulta ng kanyang pag-aaral na pag-uulit din ang nangungunang estratehiyang pangkomunikatibo ng mga guro sa kanilang pagpapaunawa ng mga konseptong tinatalakay sa mga mag-aaral.

Batay sa naging resulta sa pag-aaral na isinagawa ni Bailon (1998), natuklasan niyang talagang gamitin ang estratehiyang pag-uulit hindi lamang sa pagtuturo ng Filipino kundi gayundin sa pagtuturo ng Agham sapagkat napatunayan niyang pangatlo ito sa pinakaepektibong estratehiya at pangalawa naman sa mga communication adjustment ng mga guro sa klase ng Engineering at Architecture batay sa pag-aaral ni Casingal (2000) samantalang sa pag-aaral naman ni Dumo (1992), ang pag-uulit ang nangungunang pandiskurso at pansintaktikang estratehiya ng mga guro. Tumugma ito sa resulta ng pag-aaral ni Valerio (1999) na ang pag-uulit ay siyang estratehiyang pinakagamitin ng mga guro ng English, Science at Math upang maunawaan sila ng mga mag-aaral.

Pagpapaliwanag. Mababatid mula sa talahanayan 1 na pangalawa sa pinakagamiting estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ang pagpapaliwanag.

Mababatid sa huling bahagi ng transkripsyong nasa ibaba ang pagpapaliwanag ng guro hingil sa naging reaksiyon ng ika – 4 na mag-aaral ng may kinalaman sa naging kasagutan ng klasmeyt niya (ika-3



mag-aaral) kaugnay sa naging takbo ng talakayan sa bahagi ng paksang aralin.

G: Magbigay ng isa pang pangunahing batayan.
 M1: Ma'am, ang lahat ng Ilokano ay kuripot!
 G: Ano ang pangalawang batayan nito, Mr. Lachica!

M2: Si G. Veranda ay Ilokano!

G: Ibigay ang konklusyon, Ms. Orosco.

M3: Therefore si G. Veranda ay Ilokano!

M4: Ma'am hindi po lahat ng Ilokano ay kuripot!

G: *Tama! Kaya nga masasabi nating ito ay hindi mabisa. Diba nabanggit ko na kanina na masasabi lamang na mabisa ang isang silohismo kung ang isang pototoo ay tinatangkilik ng lahat? Tulad nitong isa, totoo ito hindi ba? Lahat kasi ng tao ay mamamatay, kaya ito ay mabisang pagmamatuwid.*

Sa punto namang ito, nagpaliwanang ang guro sa pamamagitan ng pagpapalawak ng ibinigay na kaisipan ng mag-aaral ukol sa nilalaman ng akda ni Rizal na Noli Me tangere.

G: Magbigay ng halimbawa(pause) . Sino ang Makapag- bibigay ng halimbawa class? (pause). Wala ba kayong halimbawa? Ok, isa na rito ang akda ni Rizal na Noli Me Tangere ano ang nilalaman ng akda na ito? Ms. Del Rosario!

M: Tungkol po sa mga kalupitan ng mga kastila

G: *Tungkol sa mga kalupitan ng mga kastila o pang-aapi sa mga Pilipino. Ipinagtanggol ni Rizal ang mga mamamayang Pilipino hindi sa talim ng tabak kundi sa pamamagitan ng kanyang mga isinulat na akda o aklat.*



Sa transkripsyong ito, gumamit ng pagpapaliwanag ang guro upang linawin sa mga mag-aaral ang bahagi ng paksang – aralin na nagdulot ng kaunting kalituhan sa kanila.

G: Ano ang panlapi Ms. Dreo?

M1: Mga salita po...(pause)

G: Mga salita na idinadagdag sa ano...Ms. Dreo?

M1: Mga salitang-ugat na may lapi po.

G: Mga salitang-ugat na may lapi! Yon ang panlapi?

M2: Ma'am ang panlapi....yon po ang....(pause)

G: Class, ang panlapi ay ang salita o katagang ikinakabit sa unahan, gitna at hulihan ng isang salita. Ang salitang-ugat naman ang nilalagyan o kinakabitan ng lapi at ito ang tinatawag nating salitang maylapi o nilalapiang salita. Naintidihan niyo class?

Sadyang napakalaking tulong ng estratehiyang pagpapaliwanag sa pagtuturo ng Filipino at ito ay malinaw na ipinakita sa mga transkripsyong nabanggit. Ang mga ito ay upang magpaliwanag sa naging reaksyon ng ibang mag-aaral ukol sa paksang aralin, upang palawakin ang kaisipang ibinigay ng mag-aaral sa paksang aralin, at upang baguhin ang naging maling konsepto ng mag-aaral o pawiin ang kanilang agam-agam. Patunay lamang na ang guro ay hindi iyong tipo na tanggap lamang nang tanggap ng mga kasagutan ng mga mag-aaral sapagkat pagkatapos niyang makuha ang kaisipan mula sa mga mag-aaral ay agaran naman niyang



sinusuportahan ng karagdagang ideya o itinutuwid ang maling konsepto ukol sa aralin.

Tumugma ito sa pahayag ni Crookes at Chaudron (1991) sa pagbanggit ni Lartec (2001) na kailangang mulat ang guro sa kahalagahan ng kalinawan at katumpukan ng kanilang pagpapaliwanag lalo na sa pagpapaunawa ng mga kaisipan. Kailangang bigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maipahayag ang anumang kanilang naiintindihan sa pinag-aaralan at hindi lamang ito sa pamamagitan ng pagkuha ng sapat na pagsang-ayon. Kaugnayan nito, ipinaliwanag ni Allwright (1976), na dapat isaisip ng guro ang pag-angkop sa paraan ng kanyang pagsasalita at ang mga salitang gagamitin ayon sa antas at kakayahan ng mga tinuturuan sa pagpapaliwanag ng aralin. Ito ay kailangan upang matiyak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa inilalahad na aralin.

Ang resulta ng estratehiyang ito (pagpapaliwanag) ay tumugma sa pag-aaral na isinagawa ni Ngamoy, B.C. (2002) dahil pareho itong pangalawa sa ranggo. Samantalang, sa pag-aaral naman ni Bolalet (1991) na isinagawa sa Bauko at Sabangan, Mountain Province ay natuklasan niyang pang-apat sa ranggo ang pagpapaliwanag at panlima naman sa pag-aaral ni Casingal (2000) na pinamagatang "An Interaction Analysis of Classroom Language in Engineering and Architecture Classes.



Pagbibigay-clue. Makikita sa talahanayan 1 na pangatlo ang estratehiyang ito sa mga pinakagamitin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya.

Sa transkripsyong ito, ginamit ng guro ang estratehiyang pagbibigay-clue upang bigyang – gabay ang mga mag-aaral sa pagtugon ng akmang kasagutan.

G: Ano ang pagkakaiba ng diligin sa diligan?

M1: Pareho lang po!

G: Ha? Pareho lang? (pause) Ano? *Alin dito sa dalawa ang kasunod ay tanim Ms. Villanueva?*

M2: Diligin mo ang tanim.

G: *Diligin mo ang tanim...ang diligan ay ano? Diligan mo ng ano ang tanim? Diba may mga pandilig sa tanim? Ano ang pinandililig ninyo sa tanim? (pause) Paano tumaba ang tanim, Ms. Peria?*

M3: Abono!

G: Ok, so ano ang tama?

M4: Diligan mo ng abono ang tanim

Sa punto namang ito makikita sa transkripsyong nasa ibaba na sa pamamagitan ng paggamit ng clue ng guro sa pagtuturo, naibibigay ng mag-aaral ang tamang kasagutan sa pamamagitan ng pagdurugtong nito.

G: Maliban sa paghahawan ng balakid at talalasalitaan na binanggit ng klasmyte ninyo, saan pa natin pwedeng gamitin ang tambalang salita, Ms. Ferido?



M: Sir sa ano po (pause)

G: Sa pag-aaral ng ano? (pause). Kayarian ng mga...?

M: salita!

Sa transkripsyon namang ito, nagbigay ng clue ang guro upang malimi ng mag-aaral ang kanyang tinutukoy.

G: Diba sa kompyuter may imbakan ng alaala? Tayo ganun din, *mayroon din tayong alaala na kapag nabura yong alaalang iyon..ito ang tinatawag nating ano?* (pause) *Tayo ay may ano* (pause) *Ha? Anong sakit iyon?*

M: Amnesia po!

Batay sa naging resulta ng pag-aaral na ito, natuklasang tumutugma ito sa pag-aaral na isinagawa ni Ngamoy (2002) bilang pangatlo sa pinakagamiting estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa kumbinasyong pagkaklase. Samantalan, sa pag-aaral naman ni Lartec, J.K (2001)., pangalawa ito sa pinakagamitin ng mga guro sa Benguet State University sa antas tersyarya. Indikasyon ito na kahit sa aling antas ng edukasyon ay talagang gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo ang estratehiyang pagbibigay –clue.

Mababatid mula sa mga traskripsyon na sa pamamagitan ng paggamit ng clue ng mga guro sa pagtuturo ay nahihikayat nilang patuloy na makipag-interaksyon ang mga mag-aaral sa klase at ang hindi agarang



pagtugon ng mag-aaral sa tanong ng guro ay hindi nagiging balakid sa daloy ng talakayan sapagkat sa pamamagitan ng clue ay nahihiwatigan agad ng mag-aaral ang tinutukoy ng kanilang guro at bunga nito, naihahanda nila ang kanilang sarili sa pagsagot ng tama, naiuugnay ang dating kaalaman sa bagong paksang tinatalakay at nalilintang din ang kasanayan ng mga mag-aaral na mag-isip nang may kaugnayan sa paksang-aralin.

Sang-ayon kay Freeman at Freeman (1993) habang nagbibigay ng clue ang guro, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na iugnay ito sa kanilang imbak na kaalaman para maipahayag ang kanilang ideya at kaisipan na siyang nagbubunga ng masigasig na pakikipagtalakayan.

Substitusyon. Sa pananaliksik na ito ay pang-apat sa ranggo ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ang substitusyon. Ito ay may mean na 15.50 samantala, pang-anim naman sa ranggo sa pag-aaral na isinagawa ni Casingal (2000).

Sa transkripsyong ito, malinaw na hindi agarang nasagot ng mag-aaral ang katanungan ng guro. Dahil dito, nahiwatigan ng guro na hindi naunawaan ng mag-aaral ang kanyang katanungan kaya gumamit siya ng ibang termino upang makuha ang tugon ng mag-aaral.

G: Magbigay pa nga isang pangungusap Miss, Lucero.

M: Binaril si Rizal sa Luneta.



G: Alin ang *paksa* Miss Villaroel? (pause) Ha? Alin ang *sabjek*?

Dito naman sa ikalawang transkripsyon sa pag-aaral ng sanhi at bunga ay ginamit ng guro ang substitusyon upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang tinutukoy sapagkat ang tinuran ng mag-aaral na balik-aral ng hindi gaanong gamitin sa araw-araw na pag-uusap.

M: Hindi siya nagbabalik –aral kaya siya bumagsak.

G: Ok, dahil hindi siya nagbalik-aral o nagrebyu kaya siya lumagpak.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa natuklasan ni Valerio (1999) na ang substitusyon ang isa sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagpapaunawa ng paksa na kanilang tinatalakay.

Ang mga salitang hindi na gamitin ay malaking hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay at nagdudulot ito ng kawalan ng interes sa panig ng mga mag-aaral na mag-isip, umunawa at makipag-interak sa klase. Sa ganitong kalagayan, malaking pakinabang ang nagagawa ng estratehiyang substitusyon tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang mga salitang ginagamit ng guro ay simple at madalas na narinig o ginagamit sa pag-aaral kaya madali nang makuha at maintidihan ng mga mag-aaral aral ang tanong ng guro.

Nagbigay sina Faerch at Kasper (1983) ng ilang mga dahilan kung



bakit gumagamit ng substitusyon ang mga guro. Ayon sa kanila, may mga salitang mahirap maunawaan at upang maipaliwanag ang kahulugang taglay ng mga salita, kailangan gumamit ng substitusyon ang guro. Samantala, ayon naman kina Blum-kulka at Levenston (1983), gumagamit ng iba pang salita ang guro na ang kahulugan ay malapit sa salitang nabanggit upang matiyak ang pagpapanatili sa orihinal na kahulugan ng salita. Ginagamit din ng mga guro ang sustitusyon upang ang wikang ginagamit ay maiangkop sa antas ng mga mag-aaral. Sang-ayon ito sa tinuran ni Ellis (1990) na ang mga guro na sensitibo ay mulat sa pangwikang pangangailangan ng mga mag-aaral. May kaugnayan ito sa paniniwala ni Allwright at Bailey (1991), na isa sa mga nagagawa ng substitusyon ay ang pagsasanay sa mga mag-aaral na maharap sa iba't ibang barayti ng mga konsepto.

Paglilipat-wika. Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, natuklasang panlima sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa Filipino ng Palawan State University ang paglilipat –wika. Indikasyon lamang na sa anim na estratehiyang nabanggit ay pangalawa ito sa hindi gaanong gamitin sa Palawan State University. Halos kapareho sa naging resulta sa pag-aaral ni Ngamoy (2002) na pumang-anim sa ranggo. Taliwas sa naging resulta sa pag-aaral ni Lartec (2001) sa Benguet State University na pumangatlo sa ranggo. Samantala, sa pag-aaral ni Valerio



(1999), pinakagamiting estratehiyang pangkomunikasyon ng guro ang paglilipat-wika sa English, Science at Math para maunawaan sila ng mga mag-aaral. Nanguna rin ang estratehiyang ito sa pag-aaral na isinagawa ni Casingal (2000) sa mga communication adjustments ng mga guro sa klase ng Engineering at Architecture.

Ang dalawang transkripsyong ito ay kakikitaan ng paggamit ng paglilipat-wika upang madali siyang maunawaan ng kanyang mga mag-aaral.

G: Ibig sabihin, yong subjek yon ang *receiver ng verb*.

G: Ang anyo ng ganitong uri ng pangangatwiran ay tinatawag na syllogism. Isang anyo ng pagmamatuwid na binubuo ng *major premise, minor premise at conclusion*.

Batay sa transkripsyong nakasaad sa itaas, ang paglilipat-wikang ginamit ng guro sa pag-aaral na ito ay sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Ingles at hindi sa unang wika ng mga mag-aaral na kagaya ng sa pag-aaral nina Ngamoy (2002) at Lartec (2001). Ito ay sa dahilang ang mga Palaweño ay sanay nang gumamit ng wikang Filipino na batay sa Tagalog kaya nauunawaan na nila ang wikang ginagamit ng guro sa pag-tuturo nang hindi na kinakailangan pang isalin sa kanilang unang wika.

Ang paglilipat-wika ng guro sa wikang Ingles ay indikasyon na madali siyang maunawaan ng kanyang mga mag-aaral dahil ginagamit ang mga terminong ito sa iba pa nilang asignatura gaya ng English at



Logic.

Sumang-ayon ito sa pahayag ni Fillmore (1987), na upang matiyak ng guro na siya ay mauunawaan ng mga mag-aaral, gumagamit siya ng mga salitang nakasanayan na at alam na alam ng mga mag-aaral. Pinatunayan ito Valerio (1999) sapagkat kanyang natuklasan sa kanyang pag-aaral na naglilipat-wika ang mga guro sa kani-kanilang pagtuturo upang maunawaan sila ng mga mag-aaral sa kanilang mga ipinaliliwanag. Tumugma ito sa pag-aaral ni Bucu (2000) na pinamagatang “Analysis of Classroom Discourse” inamin ng mga mag-aaral na madalas maglipat wika sa Filipino o Ilokano ang kanilang guro upang mapadali ang pag-unawa sa mga konseptong tinatalakay.

Ayon kay Hughes (1979), ang paglilipat-wika ay estratehiyang may kalikasan ng magandang resulta sa mga mag-aaral. Sinang-ayunan ito ni Ellis (1990) sa kanyang aklat na “Understanding Second Language Acquisition” sapagkat ayon sa kanya, kung nahihirapan ang mga mag-aaral sa konseptong pinag-aaralan, naglilipat-wika ang guro upang maging malinaw sa mga mag-aaral ang mensaheng ipinahahayag. Tugma ito sa paniniwala ni Varadi (1983), na kailangang isalin ng guro ang mga sitwasyon sa wikain ng mga mag-aaral upang maintindihan ng mga mag-aaral ang aktwal na kahulugan.

Pagpapakahulugan. Makikita sa talahanayan 1 na ang estratehi-



yang ito ang pang-anim o pinakahuli sa mga nabanggit na estratehiya.

Sa transkripsyon ay binigyang kahulugan ng mga mag-aaral at guro ang paggamit o pagsuot ng mga alahas.

G: Bakit nagsusuot ng mga ganito ang tao? (pause) Ha? yong gaya ng mga binanggit ninyo kanina tulad ng anklet at hikaw?

M1: Ma'a m for fashion po!.

G: Fashion bang matatawag yon? Ganun ba sa kalakaran natin ngayon? Is it merely part of fashion? Pero alam nyo ba na noong unang panahon ito ay tanda ng...

M2: (biglang sasagot) *Pagkamaykaya po sa buhay! Mayaman!*

G: *Pagiging alipin ika mo!*

M: (lahat Ha.....ha.....ha!

G: Ngayon, iyan ang ating persepsyon na kapag naninilaw ka, (ibig sabihin ay puro ginto sa katawan) a... may hepa ka! (naninilaw dahil sa ginto).(Sa puntong pabiro) Mayaman ka! *Pero noon, the more na punung-puno ka ng alahas, the more na alipin ka!*

M3: Ma'am bakit po?

G: E, ganon talaga ang kultura e, Noon upang maipakita ang pagiging mayaman at kabayanihan, ginagamit ang tattoo at hindi alahas dahil ang alahas ay ginagamit sa pagiging alipin. Baligtad na hindi ba? Ang tattoo sa ngayon ay ginagamit ng mga bilango at addict samantalang ang alahas na ginto ay makikita sa mga mayayaman.

Dahil ito ang pinakahuling gamiting estratehiya, indikasyon lamang



na ang pagpapakahulugan ay hindi gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University. Ito ay sa dahilang ang mga mag-aaral mismo ang nagbibigay kahulugan sa maraming bahagi ng paksang-aralin at hindi ang guro sapagkat ang mga mag-aaral sa antas tersyarya ay may kakayahan nang magpakahulugan di tulad ng mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya. Sa pananaliksik na ito ay natuklasang nagbibigay clue lamang ang mga guro at ito ang nagiging gabay ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan kaya sa halip na guro ang gumamit ng estratehiyang pagpapakahulugan, mag-aaral ang madalas na gumagamit nito. Datapwa't nagagamit pa rin ito ng mga guro paminsan-minsan.

Ayon kay Villanueva at Mariano (1968), ang isang estratehiya ay makatutulong sa pagkatuto kung ito ay naaangkop at nababagay sa kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag ni Simeon (1996) na ang uri ng mga mag-aaral ay siyang basehan ng guro sa paraan ng kanyang pagsasalita. Ang paggamit ng wika sa pakikipagkomunikasyon ay iniaangkop sa antas ng mga nakikinig.

Ito ay may kaugnayan sa paniniwala ni Olpindo (1998) na ang mag-aaral ang itinuturing na “educative process” kaya ang estratehiyang dapat gamitin ng guro sa pagtuturo ay dapat angkop sa gulang, baitang, kakayahan, interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.



Mga Estratehiyang Pangkomunikasyong karaniwang
Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo
ng Filipino Ayon sa Kanilang Profile

Antas ng Edukasyong Natapos

Sa seksyong ito, sinuri ang mga estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng walong subjek na guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University ayon sa antas ng edukasyong kanilang natapos. Pinangkat sa tatlo ang walong subjek na guro. Ang mga gurong nagsisimula pa lamang kumuha ng yunits sa MA ay pinangkat sa titulong BS samantalang ang mga gurong nakapagtapos ng MA at MAT (diploma) ay pinangkat naman sa titulong MA at ang mga gurong may yunits sa Ph. D at tapos ng Ph. D ay isang pangkat din, sa titulong Ph.D.

Nakahantad sa talahanayan 2 ang dalas ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ayon sa antas ng edukasyong natapos ng guro.

Makikita na ang pinakagamiting estratehiya ng mga gurong may titulong BS ay pag-uulit sa mean na 29.00. Nangunguna rin ang estratehiyang pag-uulit bilang gamiting estratehiya ng mga gurong may titulong MA at sa katunayan ay napakataas ng mean nito na umabot ng hanggang 55.00 di gaya ng mga may titulong PhD na umabot lamang mean na 34.50. Bagaman mas mataas ang mean sa MA kaysa Ph D at



Talahanayan 2. Mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos.

ESTRATEHIYA	ANTAS NG EDUKASYON			F-Value	PROBABILITY
	BS	MA	PhD		
Pagpapaliwanag	26.00	24.00	19.00	0.323	0.738
Pag-uulit	29.00	55.00	34.50	1.319	0.347
Substitusyon	13.50	16.75	15.00	0.187	0.835
Paglilipat-wika	14.00	6.00	15.00	1.076	0.409
Pagbibigay-clue	19.50	14.75	11.00	1.825	0.250
Pagpapakahulugan	9.50	6.75	14.50	0.777	0.508

BS, ang dalas ng pagkakagamit ng estratehiyang pag-uulit ng mga subjek na guro ayon sa edukasyong natapos ay di kakikitaan ng estatistikong pagkakaiba batay sa F-value na 1.319, $P > .05$

Pangalawa namang pinakagamitin ang estratehiyang pagpapaliwanag sa mga gurong may titulong BS sa mean na 26.00 at 19.00 naman sa mga titulong PhD. Samantala, naging pangatlo naman ang estratehiyang ito sa mga gurong may titulong MA sa mean na 24.00.

Ang pangatlong estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga gurong may titulong BS ay pagbibigay-clue (19.50) samantala pagpapaliwanag (24.00) naman sa mga may titulong MA at substitusyon at paglilipat – wika naman sa mga may titulong PhD sa parehong mean na 15.00. Batay sa estatistikong resulta, ang dalas at lawak ng pagkakagamit ng pagbibigay-clue, pagpapaliwanag, substitusyon at pagpapalit- wika ay walang kabuluhang pagkakaiba.

Pang-apat ang estratehiyang paglilipat-wika sa mga gurong may titulong BS na may mean 14.00, substitusyon sa may titulong MA na may mean na 16.75 at pagpapakahulugan naman sa mga gurong may titulong PhD sa mean na 14.50

Panlima sa mga BS gradweyt ang estratehiyang substitusyon sa mean na 13.50, paglilipat-wika sa mga MA gradweyt sa mean na 6.00 at pagbibigay-clue naman sa mga may titulong PhD sa mean na 11.00.



Ang pang-anim at pinakahuling estratehiyang karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay pagpapakahulugan sa mga may titulong BS at MA. Sa PhD ay wala nang pumang-anim sapagkat nakasaad sa pangatlong estratehiya nito na pareho ang mean ng mga estratehiyang substitusyon at paglilipat-wika.

Sa kabuuan, ang walong subjek na guro na may titulong BS, MA at PhD ay pare-parehong gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon nang walang kabuluhang pagkakaiba. Pinatutunayan ito ng computed F-value sa pag-uulit na 1.319 at probability na .347; pagpapaliwanag, F-value na .323 at probability na .738; pagbibigay-clue, 1.825 (.250); paglilipat-wika, .1.076 (.409); substitusyon, .187 (.835); pagpapakahulugan, .777 (.508).

Batay sa mga estatistikong resulta, makikitang ang computed F-value at probability ng lahat ng mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro ay mas mataas sa .05 level of significance. Samakatuwid, hindi tinatanggap ang haypotesis na may kabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa antas ng edukasyong natapos.

Inilalarawan sa estatistikong resulta nito na ang mga estratehiyang pangkomunikasyon gaya ng pagpapaliwanag, pag-uulit, substitusyon, paglilipat-wika, pagbibigay-clue at pagpapakahulugan ay pare-parehong



ginamit ng mga subjek na guro na may titulong BS, MA at PhD. Patunay lamang na anuman ang antas ng edukasyong natapos ay kapwa gumagamit ng mga estratehiyang nabanggit. Indikasyon lamang na ang paggamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ay walang kinalaman sa antas ng edukasyong natapos.

Ayon sa Unang Wika

Mababatid sa seksyong ito ang lawak ng paggamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro na pinangkat ayon sa kanilang unang wika. Ang mga wikang tinutukoy ay ang Cuyunon, Cebuano, Ilonggo, at Tagalog.

Makikita sa Talahanayan 3 ang dalas at lawak ng pagkakagamit ng mga guro ng mga estratehiyang pangkomunikasyon at batay sa istatistikong pagsusuri mula sa nakalap na datos sa pamamagitan ng nakateyp na pagkaklase, natuklasang nangunguna sa mga gurong gumagamit ng wikang Cuyunon ang estratehiyang pag-uulit sa mean na 42.50, sumunod ang pagpapaliwanag na may mean na 19.50, pagbibigay- clue 15.00, substitusyon 13.00, paglilipat-wika 10.00 at pagpapakahulugan 10.50.

Sa mga gurong Cebuano nangunguna rin ang pag-uulit na may mean na 29.00, pagpapaliwanag 24.50, pagbibigay – clue 20.50, substitusyon 16.50, pagpapakahulugan 10.00 at pang-anim naman ang paglilipat-wika sa mean na 8.50.



Talahanayan 3. Mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa unang wika

ESTRATEHIYA	UNANG WIKA				F- Value	PROBABILITY
	CUYUNON	CEBUANO	ILONGGO	TAGALOG		
Pagpapaliwanag	19.50	24.50	21.00	25.67	0.174	.909
Pag-uulit	42.50	29.00	28.00	56.33	0.496	.704
Substitusyon	13.00	16.50	9.00	18.67	0.925	.506
Paglilipat-wika	10.00	8.50	2.00	14.33	0.462	.724
Pagbibigay-clue	15.00	20.50	19.00	23.33	0.222	.877
Pagpapakahulugan	10.50	10.00	1.00	11.00	0.423	.747

Batay pa rin sa talahanayan 3, makikitang pinakapangunahing estratehiya pa rin ang pag-uulit sa mga gurong Ilonggo na may mean na 28.00, pangalawa ang pagpapaliwanag 21.00 pagbibigay-clue 19.00, substitusyon 9.00, paglilipat-wika 2.00 at pang-anim ang pagpapakahulugan sa mean na 1.00.

Samantala, sa mga gurong Tagalog nangunguna rin ang estratehiyang pangkomunikasyong pag-uulit na may mean na 56.33, pangalawa ang pagpapaliwanag 25.67, pangatlo ang pagbibigay –clue 23.33, pang-apat ang substitusyon 18.67, panlima ang paglilipat-wika 14.33 at pang-anim ang pagpapakahulugan sa mean na 11.00.

Sa kabuuan, mababatid na ang mga guro na ang unang wika ay Cuyunon, Ilonggo, at Tagalog, ay pare-pareho lamang ang lawak ng pagkakagamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa antas ng tersyarya ng Palawan State University. Makikita sa talahanayan 3 na ang unang apat na mga estratehiyang nabanggit ay pareho rin ang lawak ng pagkakagamit ng mga gurong Cebuano maliban na lamang sa panlima at pang-anim sapagkat kapansin-pansin na sa puntong ito ay naiba ang huling dalawang estratehiya kung ihahambing sa unang tatlong unang-wika- ang Cuyunon, Ilonggo, at Tagalog.

Batay sa istatistikong pagsusuri ng ebidensya, natuklasang ang



lawak ng pagkakagamit ng mga subjek na guro ng mga estratehiyang pag-uulit , pagpapaliwanag, pagbibigay-clue at substitusyon ay walang kabuluhang pagkakaiba. Maging ang pagkakagamit ng dalawang huling estratehiya, ang pagpapakahulugan at pagpapalit-wika ay natuklasan ding walang kabuluhang pagkakaiba ayon sa unang wikang gamit.

Sa gayon, pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na anuman ang unang wikang gamit ng guro, ang lawak ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ay magkakapareho sa lahat ng neytib na spiker. Indikasyon lamang na ang unang wika ay walang kinalaman sa lawak ng paggamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon.

Pinatutunayan ng F-value sa pag-uulit .496 at probability nitong (.704); pagpapaliwanag 174 (.909); pagbibigay-clue .222 (.877),s substitusyon .925 (.506); pagpapakahulugan .423 (.747) at paglilipat-wika .462 (.724).

Batay sa mga estatistikong resulta, makikitang ang computed F-value at probability ng lahat ng mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro ay mas mataas sa .05 level of significance nas ibig sabihin lamang ay sakop ito ng rejection region. Samakatuwid, hindi tinatanggap ang haypotesis na may kabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo



ng Filipino ayon sa kanilang unang wika.

Kolehiyong Kinabibilangan
ng mga Mag-aaral

Ang mga subjek na guro sa pag-aaral na ito ay pare-parehong nanggaling sa College of Arts and Humanities (Service College) na itinalagang magturo sa iba't ibang kolehiyo. Sila ay pinangkat ayon sa kolehiyong kanilang tinuturuan na kinabibilangan ng mga respondenteng mag-aaral.

Ihahantad sa seksyon ito ang talahanayan 4 upang makita kung ano ang mga estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.

Makikita sa Talahanayan 4 na sa College of Business and Accountancy (CBA) ay nangunguna ang pag-uulit na may mean na 35.00 pangalawa ang pagpapaliwanag 27.50, pangatlo ang substitusyon 17.00, pang-apat ang pagbibigay-clue 16.00. panlima ang pagpapakahulugan 14.50 at pang-anim ang paglilipat-wika sa mean na 9.50

Sa College of Nursing and Health Services (CNHS), nanguna naman ang pagbibigay – clue na may mean na 24.00, parehong pumangalawa ang pag-uulit at pagpapaliwanag sa mean na 23.00, pumangatlo ang substitusyon at paglilipat- wika na may mean na 13.00 at



Talahanayan 4. Estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral

ESTRATEHIYA	KOLEHIYONG KINABIBILANGAN NG MGA MAG-AARAL					F- Value
	CBA	CNHS	CS	CEAT	CTE	
Pagpapaliwanag	27.50	23.00	21.00	14.00	23.23	0.290
Pag-uulit	35.00	23.00	38.00	64.00	50.67	0.428
Substitusyon	17.00	13.00	9.00	12.00	18.76	0.613
Paglilipat-wika	9.50	13.00	2.00	2.00	15.33	0.638
Pagbibigay-clue	16.00	24.00	19.00	25.00	20.00	0.107
Pagpapakahulugan	14.50	5.00	1.00	6.00	11.33	0.713

pang-apat ang pagpapakahulugan sa mean na 5.00.

Sa College of Sciences (CS), una ang pag-uulit na may mean na 38.00, pangalawa ang pagpapaliwanag 21.00, pangatlo ang pagbibigay-clue, 19.00, pang-apat ang substitusyon 9.00, panlima ang paglilipat-wika 2.00 at pang-anim ang pagpapakahulugan sa mean na 1.00

Sa College of Engineering, Architecture and Technology (CEAT), nanguna rin ang pag-uulit na may mean na 64.00, pagbibigay-clue 25.00, pagpapaliwanag 14.00, substitusyon 12.00, pagpapakahulugan 6.00 at pang-anim ang paglilipat-wika na may mean na 2.00

Sa College of Teacher Education (CTE) naman ay una rin ang pag-uulit na may mean na 50.67, pangalawa ang pagpapaliwanag 24.33, pangatlo ang pagbibigay-clue 20.00, pang-apat ang substitusyon 18.67, panlima ang paglilipat-wika 15.33 at pang-anim ang pagpapakahulugan sa mean na 11.33.

Batay sa resulta ng estatistikong pagsusuri, ang mga gurong nagtuturo sa College of Engineering, Architecture and Technology (CEAT) ang siyang may pinakamataas na bilang sa paggamit ng estratehiyang pag-uulit na umabot sa mean na 64.00. Pangalawa ang mga nagtuturo sa College of Teacher Education (CTE) 50.67, pangatlo ang mga nagtuturo sa College of Sciences (CS) na may mean na 38.00, pang-apat ang mga nagtuturo sa College of Business and Accountancy (CBA) sa mean na



35.00 at panlima ang mga nagtuturo sa College of Nursing and Health Services (CNHS) sa mean na 23.00

Makikita rin sa talahanayan na ang mga gurong nagtuturo sa College of Sciences (CS) ang may pinakamababang bilang ng mean sa paggamit ng estratehiyang pagpapaliwanag na umabot lamang sa 1.00

Gayun pa man, ang mga resultang nabanggit ay walang kabuluhang pagkakaiba. Patunay lamang na bagama't may pagkakaiba sa mga value ng computed mean, mababatid pa rin na lahat ng gurong subjek sa pag-aaral na ito, saanmang kolehiyo sila magturo o saan mang kolehiyo nabibilang ang kanilang mga mag-aaral, ang mga estratehiyang pangkomunikasyong pag-uulit, pagpapaliwanag, substitusyon, paglilipat-wika, pagbibigay-clue at pagpapakahulugan ay pare-parehong nilang nagagamit sa kanilang pagtuturo ng Filipino nang walang kabuluhang pagkakaiba.

Pag-uulit. Nabatid sa pag-aaral ni Ngamoy (2002) na nakatutulong nang malaki sa pag-unawa ng mga mag-aaral ang pag-uulit ng guro sa kanyang pagpapaliwanag at pagtatanong kaya sila ay nahihikayat na sumagot sa mga katanungan at makipag-interaksyon sa klase. Sinangayunan ito ni Bik-May (1986) sa pagbanggit ni Bito (1999) na sa pamamagitan ng estratehiyang pag-uulit ay napapasimple nito at napadadali ang pagpapaunawa ng aralin sa mga mag-aaral. Pinatunayan



ito ni Chaudron (1985) sa pagbibigay-diin na ang pag-uulit at pagpapasimple ng pahayag ay nakapagpapabilis ng pag-unawa sa pinag-aaralan dahil sa pamamagitan nito ay napag-uugnay-ugnay ng mga mag-aaral ang kahulugan ng kanilang naririnig.

Pagpapaliwanag. Ayon kay Lardizabal (1977), nakasasalay sa guro ang pagpapanatili ng interes ng mga bata. Bunga nito, napakalaki ng tungkuling ginagampanan ng guro sa paggabay sa pag-iisip ng mga mag-aaral kaya sa pagpapaliwanag ng aralin ay dapat na tiyaking malinaw at madali itong maunawaan ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, pinagdiinan nina Blount at Klausmeler (1968) na hindi gaanong mabisa ang pagpapaliwanag sa pagdedebelop ng masusing pag-iisip at kasanayan sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinaliwanag nina Dumas At Beckner (1968) na mahalaga ang pagpapaliwanag sa paglilinaw sa mga ideya na hindi masyadong nauunawaan ng mga mag-aaral. Pinatotohanan ito ni Scholl (1977) na nakatutulong ang pagpapaliwanag upang maipabatid ng guro nang malinaw sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang kaisipan tungkol sa paksang tinatalakay.

Pagbibigay-clue. Natuklasan sa pag-aaral ni Ngamoy (2002) na nagbibigay-clue ang mga guro habang nagtuturo sapagkat nagaganyak nilang mag-isip at sumagot sa mga katanungan nila ang mga mag-aaral



sa pamamagitan ng estratehiyang ito; nakapagbibigay ng tamang kasagutan o kaya ay nakapaghuhula ng sagot ang mga mag-aaral at bunga nito ay unti-unting nalilintang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-interak sa loob ng klase. Pinatotohanan ito sa pag-aaral nina Clarke at Nation (1980) na ang kakayahang manghula ng kahuilugan ng salita o pahayag na narinig ay isang pagsasanay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon pa kay Lartec (2001), nagbibigay ng clue ang mga guro ng Benguet State University sa mag-aaral upang sila ay makasagot sa mga katanungan. Sa tulong ng mga clue na ibinigay ng guro, mabibigyan ng karagdagang impormasyon ang mga mag-aaral upang masabi ang hinihingi mula sa kanila.

Paglilipat-wika. Ayon naman kay Crystal (1992) sa pagbanggit ni Cadias (2001), ang paglilipat-wika ay ibinabase sa uri ng mga mag-aaral, sa paksa at sa kalagayang pinangyayarihan ng komunikasyon. Nagpapatunay ito na hindi sa lahat ng pagkakataon ay gumagamit ng paglilipat-wika ang mga guro sa pagkakataong batid nila na nakauunawa ang mga mag-aaral sa tinatalakay na aralin gamit ang target na wika. Iniiwasan nilang gumamit ng ibang wika lalung-lalo na ang unang wika ng mga mag-aaral.

Inilahad nina Hufana at Jimenez (1995) na naglilipat-wika o naghahahu-halo ng wika ang guro sa klase upang bigyang-diin ang



kanyang pagpapaliwanag na nagbibigay ng pag-unawa sa mga mag-aaral. Iminungkahi naman ni Mohammad (1997) ang limitadong paggamit ng bernakular sa klase. Hangga't maaari ay gamitin ang pangalawang wikang pinag-aaralan maliban na lamang kung ang wika ng mga-aaral ang kailangang-kailangan sa pagpapaunawa sa araling tinatalakay.

Substitusyon. Ipinaliwanag ni Ngamoy (2002) na gumagamit ng substitusyon ang mga guro upang matulungan ang mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman at bokabularyo.

Ayon kay Lartec (2001), substitusyon ang estratehiyang pangkomunikatibo ng mga guro sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral na kailangan sa kanilang ikauunawa ng aralin. Sumang-ayon din ditto ang natukalasan ni Casingal (2000) na gumagamit ang mga guro ng substitusyon sa pagtuturo sa Engineering at Architecture upang maipaunawa ang mga mahihirap na konseptong itinuturo. Ang isang pangunahing dahilan ng paggamit ng substitusyon ay pagpapaunawa sa kahulugan ng mga mahihirap na salitang ginagamit sa diskusyon (Faerch at Kasper, 1983).

Pagpapakahulugan. Gaya ng sa pag-aaral ni Ngamoy (2002), natuklasang gumagamit ng estratehiyang pagpapakahulugan ang mga guro sa pamamagitan ng paggamit ng wikang madaling maunawaan ng mga mag-aaral upang matulungan silang umunawa lalung-lalo na sa



mahihirap na konsepto. Ipinahihiwatig nito na gumagamit ng sariling pagpapakahulugan ang mga guro sa pagtuturo ng Filipino upang madaling maunawaan ang kanilang pahayag o mensahe. Makatutulong ang gawaing ito ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan ito ni Long (1983), sa pagbanggit ni Bito (1999) na ang isang paraan sa pagkatuto ng wika ay ang pagkakaroon ng nauunawaang pahayag o pagpapaliwanag sa pinag-aaralang wika.

Pinatutunayan ng computed F-value sa pag-uulit na .428 at probability nitong (.785); pagpapaliwanag .290 (.869); substitusyon .613 (.684); paglilipat-wika .638 (.671); pagbibigay-clue .107 (.972) at pagpapakahulugan .713 (.635).

Batay sa mga estatistikong resulta, makikitang ang computed F-value at probability ng lahat ng mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro ay mas mataas sa .05 level of significance. Ibig sabihin lamang na ang mga resulta ay sakop pa ng rejection region. Samakatuwid, hindi rin tinatanggap ang haypotesis na may makabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.



Persepsyon ng mga Mag-aaral Sa mga Estratehiyang
Pangkomunikasyon ng Mga Guro sa Pagtuturo
ng Filipino sa Antas Tersyarya

Makikita sa Talahanayan 5 ang presentasyon ng kabuuang antas ng persepsyon ng mga respondenteng mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino. Inilalarawan sa Kolmogorov-Smirnov Z-test na ang mga mag-aaral ay significant na nadistribuyot nang hindi magkakapareho sa limang scales na palagi, malimit, minsan, bihira at hindi.

Sa pag-uulit (A_1) maraming mag-aaral ang nagsabing malimit gamitin ng kanilang guro ang estratehiyang ito. Pinatutunayan ito sa bilang na 193 (36.6%); minsan 150 (28.5%); palagi 96 (18.6%); bihira 59 (11.2%) at hindi na 29 (5.5%) lamang.

Sa pagpapaliwanag (A_2), maraming mag-aaral ang nagsabing palagi itong ginagamit ng kanilang guro. Pinatutunayan ito sa bilang na 286 (54.3%); malimit 158 (30.0%); minsan 66 (12.5%); bihira 15 (2.8%) at hindi na 2 (0.4%) lamang.

Sa substitusyon (A_3), marami namang mag-aaral ang nagsabing minsan lamang gamitin ng kanilang guro ang estratehiyang ito. Bilang patunay, umabot ito sa bilang na 220 (41.7%); malimit 177 (33.6%); palagi 57 (10.8%); bihira 50 (9.5%) at hindi na 23 (4.4%) lamang.

Sa paglilipat wika (A_4), marami ring mag-aaral ang nagsabing



Talahanayan 4. Estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral

ESTRATEHIYA	KOLEHIYONG KINABIBILANGAN NG MGA MAG-AARAL					F- Value	PROBABILITY
	CBA	CNHS	CS	CEAT	CTE		
Pagpapaliwanag	27.50	23.00	21.00	14.00	23.23	0.290	.869
Pag-uulit	35.00	23.00	38.00	64.00	50.67	0.428	.785
Substitusyon	17.00	13.00	9.00	12.00	18.76	0.613	.684
Paglilipat-wika	9.50	13.00	2.00	2.00	15.33	0.638	.671
Pagbibigay-clue	16.00	24.00	19.00	25.00	20.00	0.107	.972
Pagpapakahulugan	14.50	5.00	1.00	6.00	11.33	0.713	.635

Talahanayan 5. Antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro.

ANTAS	ESTRATEHIYANG PANGKOMUNIKASYON											
	A1	%	A2	%	A3	%	A4	%	A5	%	A6	%
Palagi	96	18.2	286	54.3	57	10.8	47	8.9	71	13.5	204	38.7
Malimit	193	36.6	158	30.0	177	33.6	139	26.4	166	31.5	163	30.9
Minsan	150	28.5	66	12.5	220	41.7	170	33.3	195	37.0	132	25.0
Bihira	59	11.2	15	2.8	50	9.5	109	20.7	51	9.7	20	3.8
Hindi	29	5.5	2	0.4	23	4.4	62	11.8	44	8.3	8	1.5
K-S-Z-Test	5.13**		7.46**		4.82**		4.02**		4.68**		5.37**	
Prob.	0.00		0.00		0.00		0.00		0.00		0.00	
Legend												
	100 - 1.49	=	Hindi	2.50 - 3.49	=	Minsan	4.50 - 5.00	=	Palagi			
	1.50 - 2.49	=	Bihira	3.50 - 4.49	=	Malimit						

minsang lamang gamitin ng kanilang guro ang estratehiyang ito umabot ito sa bilang na 170 (32.3%); malimit 139 (26.4%); bihira 109 (20.7%); hindi 62 (11.8%) at palagi na 47 (8.9%) lamang.

Sa pagbibigay-clue (A_5), nanguna rin ang grupo ng mga mag-aaral na nagsabing minsang lamang gamitin ng kanilang guro ang estratehiyang ito. Umabot ang bilang nito sa 195 (37.0%); malimit 166 (31.5%); palagi 71 (13.5%); bihira 51 (9.7%) at hindi na 44 (8.3%) lamang.

Sa pagpapakahulugan (A_6), nanguna naman ang grupo ng mga mag-aaral na nagsabing palagi ang pagkakagamit ng kanilang guro ng estratehiyang ito. Pinatutunayan ito sa resulta na umabot sa bilang na 204 (38.7%); malimit 163 (30.9%); minsang 132 (25.0%); bihira 20 (3.8%) at hindi na 8 (1.5%) lamang.

Pag-uulit. Sadyang mabisa ang estratehiyang ito sa pagtatamo ng interaksyon ng mga mag-aaral sa klase sapagkat natuklasan ni Lartec (2001), na sa pamamagitan ng pag-uulit ng guro ng kanyang mga pahayag ay nabibigyan ng sapat ng panahon ang mga pag-aaral na suriin at intindihin ang pahayag upang makasagot nang tama sa mga katanungan. Binigyang-diin naman ni Long (1983) sa kanyang patotoo na ang pag-uulit ay estratehiyang lunas sa mahinang pang-unawa ng mga mag-aaral at ginagamit din ito upang masiguro ng mga guro na ang kanilang pahayag ay narinig at naunawaan ng mga mag-aaral. Ayon



naman kay Ellis (1990), sa pamamagitan ng pag-uulit ay nauunawaang maigi ng mga mag-aaral ang pahayag ng guro at bunga nito ay lumalakas ang kanilang loob ng magtanong at sumagot sa mga katanungan at sa pagpapahayag ng kaisipan tungkol sa pinag-aaralan. Ayon naman kay Bito (1999), sa pamamagitan ng estratehiyang ito ay nabibigyan ng panahon ang mga mag-aaral na pag-isipan at intindihin ang narinig na pahayag. Pinatutunayan ni Olban (1999) na mabisa ang pag-uulit sa pagtuturo ng Filipino dahil sa pamamagitan nito ay natututo at nakasagot ang mga mag-aaral sa mga katanungan.

Pagpapaliwanag. Nabatid sa pag-aaral ni Lartec (2001) na ang mga guro sa Filipino sa antas tersyarya ng Benguet State University ay malimit magpaliwanag sa paraang nauunawaan ng mga mag-aaral; nagbibigay ng mga halimbawa at nag-uulit ng kanilang pahayag upang maging malinaw ang kanilang pagtuturo. Kaugnay nito, idinagdag ni Dillon (1981) na napapanatili ng guro ang kasiglahan at kasigasigan ng mga mag-aaral kung magaling siyang gumamit ng wika sa pagpapaliwanag. Natuklasan naman sa pag-aaral ni Sumakey (1996) na ang nasabing estratehiya ay mabisa sa pagtuturo ng Filipino sa mga paaralang sekundarya ng Benguet. Napag-alamang ang estratehiyang ito ay ginagamit ng mga guro upang madali nilang maipaunawa sa mga mag-aaral ang aralin at nang makasagot sila nang tama sa mga katanungan.



Iminungkahi naman ni Takinan (1999) na kinakailang may sapat na kaalaman ang guro sa mga araling kanyang itinuturo upang maging mabisa ang kanyang pagtuturo.

Sa pananaliksik ni Ngagan (1996), kanyang nabatid na katamtaman ang bisa ng ng pagpapaliwanag sa pagtuturo ng Matematika sa ikaapat na baitang gayundin sa naging resulta ng pag-aaral ni Suma-il (1999) na katamtaman din ang bisa sa pagtuturo ng Filipino sa mga mataas ng paaralan sa Distrito ng Timog Tabuk, Kalinga. Tanuklasan naman sa pananaliksik ni Parnacio (1998) na mabisa ang estratehiyang ito sa pagkakaroon ng interaksyon sa asignaturang HEKASI sa mga mababang paaralan sa Baguio City. Naging mabisa rin ang estratehiyang pagpapaliwanag sa pag-aaral na isinagawa ni Chaiphuag (1996) sa pagtuturo ng Ingles sa Saint Louis University. Ang pagpapaliwanag ay simpleng estratehiya na talagang nakatutulong sa mga guro upang maihatid at maipaunawa ang mahalagang kaisipan sa mga mag-aaral (Scholl, 1977).

Substitusyon. Nabatid sa pananaliksik na ang mga guro ay gumagamit ng estratehiyang substitusyon upang maiangkop ang mga salitang ginagamit sa klase sa pagpapaunawa ayon sa antas ng mga mag-aaral nang mapukaw ang kanilang interes na makiisa sa talakayan at makipag-interaksyon nang kusa. May kaugnayan ito sa pahayag ni



Takinan (1996) na dapat isaalang-alang ng guro ang pagkakaroon ng sapat na interes ng mga mag-aaral dahil ang interes at pagkatuto ay magkabalikat sa ikakamit ng mabuting resulta ng pagkatuto.

Paglilipat-wika. Gaya sa pag-aaral na ito, natuklasan din ni Olban (1999) sa kanyang pag-aaral na ang pagsasalin ng wika ng mga guro ay nagiging daan upang makasagot ang mga bata sa mga katanungan. Mabisa rin ang grammar translation sa pagtuturo ng pangalawang wika sa unang baitang sa mga distrito ng Mt. Province ayon kay Marcelo (2001). May kaugnayan ito sa natuklasan ni Catriz (1998) na kaya naglilipat-wika ang mga guro ay upang kanilang makuha ang atensyon, aksyon at tugon mula sa mga mag-aaral ayon sa hinihingi ng kalagayang pagtuturo at pagkatuto. Ayon pa kina Gumperz at Hymes (1972), ginagamit ang paglilipat-wika sa pagtuturo upang bigyang-diin ang mahalagang bahagi ng pahayag at upang maging matagumpay ang komunikasyon sa klase.

Pagbibigay-clue. Sa mapapagitan ng estratehiyang ito ay nagagawang iugnay ng mga mag-aaral ang pinag-aaralang konsepto sa kanilang imbak na kaalaman at malaki ang nagagawa nito sa pagganyak ng mga mag-aaral upang ibahagi ang kaalaman at makipag-interaksyon sa klase (Freeman at Freeman, 1993).

Pagpapakahulugan. Mabisa ang pagpapakahulugan sa pagkuha ng tugon ng mga mag-aaral. (Ngamoy, 2002). Ayon naman kay Lartec



(2001), dapat na gumamit ng sariling interpretasyon ang guro sa pagtalakay na nakapagpapaunlad sa pag-unawa ng mga mag-aaral upang mabigyan sila ng epektibong karanasan sa pagkaklase.

Batay sa pagsusuri, may ilan ding mag-aaral ang nagsabing hindi gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ang kanilang guro. Marahil sila ang mga mag-aaral na hindi nakikinig o nakikipag-interak sa klase o kaya naman ay sila ang mga mag-aaral na hindi binasa ang talatanungang pinasagutan sa kanila, bagkus ay sinagot nalang nila ito nang basta-basta.

Magkagayunman, makikita ang kabuuang paglalarawan sa talahanayan 5 na 54.3% ng mag-aaral ang nagsabing ang estratehiyang pagpapaliwanang (A_2) ay palagi nilang naobserbahang ginagamit ng kanilang guro sa pagtuturo gayundin, ang 38.7% ng mag-aaral ay nagpahayag din ng parehong obserbasyon sa estratehiyang pagpapakahulugan (A_6).

Samantala, ang mga estratehiyang pangkomunikasyong substitusyon (A_3) paglilipat-wika (A_4) at pagbibigay-clue (A_5) ay minsan lamang gamitin ng mga guro sa pagtuturo ayon sa 41.7; 32.3 at 37.0 bahagdan ng mga mag-aaral ayon sa pagkakasunod-sunod.

Malimit namang gamitin ng mga guro ang pag-uulit (A_1) sa kanilang pagtuturo, ayon sa 36.6% ng mga mag-aaral.



Batay sa resulta ng talahanayan 1 na nakalap sa nakateyp na pagtuturo ng guro sa Filipino, ang una at pinakagamiting estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ay ang pag-uulit kung saan dito sa talahanayan 5 ay naging malimit lamang ang pagkakagamit ayon sa mga mag-aaral. Pangalawa sa ranggo ang estratehiyang pagpapaliwanag (sa talahanayan 1 pa rin), pangatlo ang pagbibigay clue, pang-apat ang substitusyon at panlima ang paglilipat-wika samantala dito sa talahanayan 5, ang tatlong estratehiyang ito ay magkakaparehong minsan lamang ginamit ng kanilang guro ayon sa mga mag-aaral. Ang pagpapakahulugan ang estratehiyang pinakahuli sa ranggo at hindi gaanong gamitin ng guro kung ibabatay sa talahanayan 1 ngunit dito sa talahanayan 5, ito ay lumalabas na pinakagamitin ng mga guro dahil palagi itong naoobserbahan ng mga mag-aaral.

Dahil sa mga resultang ito, malinaw na may kabuluhang pagkakaiba ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa paraan ng paggamit ng mga guro ng mga nabanggit na estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang pagtuturo.

Pinatutunayan ito sa resulta ng Kolmogorov-Smirnov Z-test; pag-uulit (A_1) 5.13 (probability 0.00); pagpapaliwanag (A_2) 7.46 (0.00); substitusyon (A_3) 4.82 (0.00); paglilipat-wika (A_4) 4.03 (0.00); pagbibigay-clue (A_5) 4.68 (0.00) at pagpapakahulugan (A_6) 5.37 (0.00).



Sapagkat matataas ang resulta ng K-S-Z test, nangangahulugang ito ay may makabuluhang pagkakaiba at dahil ang resulta ng mga probability ay 0.00, ito ay pumasok sa acceptance region ng .01 level of significance samakatuwid, tinatanggap ang haypotesis na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University.

Pag-uulit. Batay sa pagsusuri, natuklasang malimit gamitin ng mga guro ang estratehiyang ito ayon sa 36.6% na mag-aaral. Gaya ng pag-aaral na isinagawa ni Lartec (2001) pinatotohanan niya sa kanyang pag-aaral na mabisa ang pag-uulit ng guro ukol sa naging kasagutan ng mga mag-aaral upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsagot ng kompletong pangungusap.

Ayon pa rin kay Lartec (2001), ginagamit ng mga guro ang pag-uulit upang siguraduhing madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang pahayag ng guro. Tugma ito sa pahayag ni Long (1983) sa pagbanggit ni Ngamoy (2002) na ang estratehiyang pag-uulit ay tugon sa kakulangan ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan pa rin ng estratehiyang ito, nalilining ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pag-unawa. Sang-ayon ito sa pahayag ni Ellis (1990) na sa pamamagitan ng pag-uulit ay naiintindihang maigi ng mga mag-aaral ang paksang-araling tinatalakay



ng guro.

Pagpapaliwanag. Sa pag-aaral na ito ay palagi ang naging resulta sa pagsusuri samantalang sa pag-aaral naman ni Lartec (2001) ay katamtaman lamang gayundin sa pag-aaral ni Suma-il (1999) na katamtaman ang bisa ng estratehiyang ito sa pagtuturo ng Filipino sa mga mataas na paaralan sa Distrito ng Timog Tabuk, Kalinga. Sa pag-aaral naman ni Sumakey (1996) napag-alamang mabisa ang nabanggit na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa sekundarya. Dagdag pa ni Scholl (1977), malaking tulong para sa mga guro ang estratehiyang ito sa kanilang pagpapaunawa ng mahalagang kaisipan sa mga mag-aaral. Sinang-ayunan ito ni Lartec (2001) na ang pagpapaliwanag ay nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Substitusyon. Naobserbahan ng mga mag-aaral sa pag-aaral na ito na minsan lamang ginamit ng guro ang substitusyon samantalang sa pag-aaral naman ni Lartec (2001) ay bihira lamang gamitin ng mga guro sa antas tersyarya ng Benguet State University ang estratehiyang ito.

Ang substitusyon ay nakapagpapalawak ng bokabularyo hindi lamang ng guro kundi pati na rin ng mga mag-aaral na siyang salik sa pag-unawa sa mga paksang tinatalakay. Isa sa mga nagagawa ng substitusyon ay ang pagsasanay sa mga mag-aaral na maghanap ng iba't ibang barayti ng mga konsepto (Allwright at Bailey, 1991). Ginagamit din



ito ng guro upang maiangkop ang wikang ginagamit sa antas ng mga mag-aaral. May kaugnayan ito sa paniniwala ni Ellis (1990) na ang mga guro ay sensitibo at mulat sa pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral.

Paglilipat-wika. Naobserbahan ng mga mag-aaral na minsan lamang gamitin ng kanilang guro ang estratehiyang ito. Batay naman sa resulta ng pag-aaral ni Lartec (2001) ay malimit itong gamitin samantala sa pag-aaral naman ni Bucu (2000) ay pinatotohanan niyang ang paglilipat-wika bilang estratehiya sa pagtuturo ay ginagamit sa pagpapaliwanag ng konsepto, pagkuha ng atensyon, pagbibigay-diin, pagganyak sa mga mag-aaral upang magsalita, pagpapadali ng input, pag-uulit, pagpapakahulugan at pagpapanatili ng katiwasayan sa loob ng klasrum (Hufana at Jimenez, 1995).

Pagbibigay-clue. Minsan lamang ginamit ng guro ang estratehiyang ito sa resulta ng pagsusuri samantala sa pag-aaral ni Lartec ay (2001) ay natuklasan niyang malimit itong gamitin ng mga guro sa Benguet State University. Ayon pa sa kanya, malimit magbigay ng clue ang guro sa mga mag-aaral upang makasagot ang mga ito sa mga katanungang ibinabato sa kanila ng kanilang guro. Mahalaga ang pagbibigay ng clue upang ang mag-aaral ay mapilitang sumagot o magsalita. Sa pamamagitan nito ay nabibigyan ng karagdagang



impormasyon ang mga mag-aaral upang makasagot ayon sa hinihinging ideya. Sa pamamagitan ng estrathiyang ito ay nabibigyan ng oras ang mga mag-aaral na iugnay ang kanilang imbak na kaalaman upang makasagot.


Sumang-ayon dito si Johnson (1985) nang matuklasan niyang ang pagbibigay ng clue sa mga mag-aaral ay isang tungkulin sa pagtuturo na humihimok sa kanilang makipag-interaksyon. Nakita niya sa kinalabasan ng kaniyang pag-aaral na ang mga guro ay nagtataglay ng iba-ibang tungkulin sa pagtuturo. Isa rito ay ang pagbibigay ng clue na nakatutulong sa mga mag-aaral na makapag-isip at makasagot lalo na kung may suliranin sa pagpapaunawa ng tanong.

Ayong kina Richard at Rodgers (1986), nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang pinag-aaralan sa tulong ng clue. Ito ang daan upang magamit ang imbak na kaalaman ng mga mag-aaral tungo sa lalong ikauunawa ng mga konsepto. Habang nagbibigay ng clue ang guro, nagagabayan ang mga mag-aaral na mag-ugnay sa dating kaalaman upang makapagpahayag sila ng ideya, makadiskubre ng kasagutan at magkaroon ng kumpiyansang makipag-interaksyon sa klase (Freeman at Freeman, 1993).

Pagpapakahulugan. Batay sa naging resulta ng pag-aaral na ito, palaging ginagamit ng guro ang pagpapakahulugan ayon sa 38.7% ng



mag-aaral Kung saan ay hindi nalalayo sa naging resulta ng pag-aaral ni Lartec (2001) sapagkat natuklasan niyang malimit itong gamitin ng guro sa pagtuturo sa antas tersyarya ng Benguet State University. Ito ay nakakagaganyak at nakatutulong sa mga mag-aaral na pagyamanin ang talasalitaan na nagbubunga sa lalong ikadadali ng aralin. Ang kahalagahan ng pagpapakahulugan, ayon kina Allwright at Bailey (1991), ay nabibigyan ng kasanayan ang mga mag-aaral na maging mulat sa iba't ibang barayti ng wika. Pahayag pa nina Faerch at Kasper (1983) na ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahang morpolohikal, sintaktikal at leksikal na pagkatuto.



PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Paglalagom

Ang isinagawang pag-aaral ukol sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University ay ibinatay sa mga sumusunod na layunin:

1. Anu-ano ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University?
2. Ano ang estratehiyang pangkomunikasyong karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ayon sa:
 - a. antas ng edukasyong natapos
 - b. unang wika
 - c. kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.
3. Ano ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University?

Sa pag-aaral na ito ay tinukoy at sinuri ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro batay sa nakateyp na aktwal na pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ng Palawan State University.



Pinagbasehan ang talatanungan sa pag-alam ng antas ng edukasyong natapos, unang wika ng guro, kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral at antas ng persepsiyon ng mga mag-aaral ukol sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino sa antay tersyarya.

Para sa estatistikong pagsusuri ng mga estratehiyang ginamit ng guro ay kinuha ang mean, frequency counts at saka niranggo ito sa .01 level of significance.

Sa paghahambing ng lawak ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral ay ginamit sa pagsusuri ang analysis of variance sa level of significance na .05.

Sa paglalarawan ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng guro, ginamit ang Kolmogorov-Smirnov Z-test sa .05 level of significance at 5-point scale na may tiyak na deskripsyon.

Range	Deskripsiyon
1.00-1.49	Hindi
1.50-2.49	Bihira
2.50-3.49	Minsan



3.50-4.49

Malimit

4.40-5.00

Palagi

Sa pag-aaral ay natuklasan ang mga sumusunod:

1. Gumamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ang mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya upang maging magaan ang pagtuturo tungo sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa anim na estratehiyang ginamit ng mga guro, unang pinakagamitin ang pag-uulit sa mean na 43.38, pagpapaliwanag 23.25; pagbibigay-clue 20.00, substitusyon 15.50 at pagpapakahulugan 9.38. Dahil sa resultang ito, tinatanggap ang haypotesis na ang mga guro sa Palawan State University ay gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya.

2. Sa paghahambing ng lawak ng pagkakagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya, pinagbasehan ang salik na antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral.

a. Tungkol sa karaniwang estratehiya ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, ang walong subjek na guro ay pare-parehong gumamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon nang walang kabuluhang pagkakaiba batay sa F-value na 1.319, sa .05 level of significance. Samakatuwid hindi nito tinatanggap ang haypotesis.



b. Hinggil naman sa estratehiyang karaniwang ginagamit ng guro ayon sa unang wika, muli ay hindi tinatanggap ang haypotesis na inilhad sapagkat natuklasan ding walang kabuluhang pagkakaiba ang lawak ng pagkakagamit ng mga estratehiya ayon sa unang wikang gamit.

c. Kaugnay naman sa estratehiyang karaniwang ginamit ng mga guro ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral, natuklasan ding bagaman may pagkakaiba sa value ng computed mean, pinatunayan pa rin dito na ang pagkakagamit ng mga estratehiya ay walang kabuluhang pagkakaiba. Muli ay hindi tinanggap ang haypotesis.

3. Sa pagsusuri ng antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo, ginamit sa talatanungan ang anim na mga estratehiya: 1) pag-uulit (A_1); 2) pagpapaliwanag (A_2); 3) substitusyon (A_3); 4) paglilipat-wika (A_4); 5) pagbibigay-clue (A_5) at 6) pagpapakahulugan (A_6). Ipinakikita sa resulta ng pagsusuri ang sumusunod:

a. Ang pag-uulit (A_1) ay malimit gamitin ng guro sa kanilang pagtuturo ayon sa malaking bilang ng mag-aaral (36.6%).

b. Ang pagpapaliwanag (A_2), ay palaging ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ayon sa (54.3%) ng mag-aaral.

c. Ang substitusyon (A_3), ay minsan lamang ginamit ng mga guro.

d. Ang paglilipat-wika (A_4), ay minsan din lamang naobserba-



han ng (32.3%) na mag-aaral mula sa pagtuturo ng kanilang guro.

e. Ang pagbibigay-clue (A_5), ay minsan lamang ginamit ng kanilang guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa (37.0%) na mag-aaral.

f. Ang pagpapakahulugan (A_6) ay palaging ginagamit sa pagtuturo ayon sa (38.7%) na mag-aaral.

Batay sa mga resultang ito, tinatanggap ang haypotesis na may kabuluhang pagkakaiba ang antas ng persepsiyon ng mag-aaral sa paraan ng paggamit ng mga guro ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang pagtuturo.

Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa mga pag-aaral na ito, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon.

1. Ang mga guro sa antas tersyarya ng Palawan State University ay gumagamit ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang pagtuturo ng Filipino. Anim sa mga ito ang binigyang diin; ang pag-uulit, pagpapaliwanag, substitusyon, paglilipat-wika, pagbibigay-clue at pagpapakahulugan.

2. Ang estratehiyang pag-uulit ay ginamit ng guro sa pagtuturo nang may iba't ibang tukoy.



a. Tungkol sa estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ayon sa antas ng edukasyong natapos, ginamit nila sa kanilang pagtuturo nang walang kabuluhang pagkakaiba ang anim na estratehiyang nabanggit.

b. Tungkol sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginamit ng guro ayon sa unang wika, wala rin itong kabuluhang pagkakaiba sapagkat anumang wika ang kanilang gamit ay wala itong kaugnayan sa pagkakagamit nila ng mga estratehiyang pangkomunikasyon.

c. Tungkol naman sa paggamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ayon sa kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral, wala rin itong significant na pagkakaiba sapagkat saan mang kolehiyo nabibilang ang kanilang mga mag-aaral, pare-pareho nilang ginamit ang anim na iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon.

3. Sa antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay naging positibo ang pagkuha rito. Ang pagpapaliwanag at pagpapakahulugan ay palaging ginagamit ng guro; ang pag-uulit ay malimit, ang substitusyon, paglilipat-wika at pagbibigay-clue ay minsan lamang.

Rekomendasyon

Batay sa nabuong konklusyon, itinatagubilin ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Dahil natuklasang ang pag-uulit at pagpapaliwang ang pinaka-



gamiting estratehiya ng mga guro sa kanilang pagtuturo, dapat na bigyang diin nila ang paggamit ng iba pang estratehiya gaya ng substitusyon, paglilipat-wika, pagbibigay-clue at pagpapakahulugan nang maging epektibong lalo at buhay na buhay ang interaksyon sa loob ng klase.

2. Maliban sa anim na estratehiyang nabanggit, tukuyin at suriin din ang iba pang estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo gaya ng pagpapares ng pangungusap, pagbabaliktad, pagdaragdag, pagbabawas, pagpapalawak at tanong-sagot.

3. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na walang kabuluhang pagkakaiba ang pagkakagamit ng mga guro ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya ayon sa antas ng edukasyong natapos, unang wika at kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, iminumungkahing magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral sa Palawan State University Laboratory High School (PSU-LHS) at ibilang sa mga salik ang bilang ng taon sa pagtuturo at seminar-worksyap na dinaluhan.

4. Iminumungkahi ring magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral na nakapokus lamang sa College of Teacher Education at isama sa mga salik ang asignaturang itinuturo (basic at major subject) sa Filipino at magkaroon ng paghahambing sa pagkuha ng persepsyon ng mga mag-aaral.



5. Maliban sa pag-aaral ng mga estratehiyang pangkomunikasyon, inirerekomendang pag-aralan din ang mga estratehiya at pamamaraan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersyarya lalo na sa College of Teacher Education.

6. Iminumungkahi ring magkaroon ng pag-aaral tungkol sa paraan ng pagtatanong ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Kaugnay nito suriin ang mga paraan ng pagtatanong ayon sa asignaturang itinuturo (basic or major subject) at kolehiyong kinabibilangan ng mag-aaral.

7. Panghuli, kailangang hasain ng mga guro ang kanilang mga kaalaman sa pamamagitan ng pagdalo sa mga in-service training, seminar-worksyap at mga palihan hindi lamang tungkol sa wika kundi gayundin sa mga mga makabagong estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo upang hindi sila mahuli sa mabilis na takbo ng mga pagbabago sa larangan ng edukasyon.



TALASANGGUNIAN

- ABAD, M.A. et al. 1996. Ang Guro at ang Mga Mag-aaral. Quezon City: Kalayaan Press:Marketing Enterprise, Inc. P 34
- ABAD, M. A. at RUEDAS, P. C.. 1995. Filipino Bilang Tanging Gamit. Mandaluyong City, National Book Store .
- AGUILAR, J. P. 1995 . Sosyolohiya Antropolohiya. UST Printing Office. University of Santo Tomas.
- ALLWRIGHT, R.L. 1976. English as an International Language. Reading in EIAL.
- ALLWRIGHT, D. at K. BAILEY. 1991. Focus on the Language Classroom. An Introduction to Classroom Research for Language Teacher. Cambridge: Cambridge University Press. Pp. 180-2000.
- ALMARIO, V. 1996. Patnubay sa Pagsasalin. Metro Manila, Pilipinas. Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining.
- AUSTERO, C. S et al. 1999. Filipino sa Iba't Ibang Disiplina. Valenzuela City. Mutya Publishing House.
- BADAYOS, P. B. Ph. D. 1999. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Estratehiya. Makati City. Grandwater Publications and Research Corp.
- _____ 2004. Filipino sa Iba't Ibang Disiplina (Para sa Kolehiyo at Unibersidad) Makati City. Grandwater Publications and Research Corp.
- BAILON, L. P. 1998. Realization and Comprehension of Directives. A Test on the Communicative Competence of Freshman Engineering Students. Unpublished Thesis, Saint Louis University, Baguio City. Pp 8-30
- BARAYUGA, P.A. 1992. Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya sa Dibisyon ng La Union. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. Pp. 20-31-
- BARRIOS, MARY ANGELA S.P.C. 1977. " The Greater Manila Speech



Community: Bilingual or Diglossic?" Sa Filipino Bilingual (Studies on Philippine Bilingualism & Bilingual Education). Inedit ni Emy M. Pascasio. Quezon City.: Ateneo de Manila University Press.

BAUTISTA, MA. LOURDES. 1988 "Domains of English in 21st Century. "Sa The Role of English and Its Maintenance in the Philippines, Inedit ni Andrew Gonzales, FSC. Solidaridad Publishing House.

BECKER, F. 1974. "Comparing Curricula, " Review for Educational Research, American Educational Association. Vol. 44 (Winter 1974). Pp 33-45.

BIALYSTOK, ELLEN. 1990 Communication Strategies. Oxford: Basil Blackwell.

BIK-MAY, A. T. 1986. Analyzing Input and Interaction in Second Language Classrooms. RELC Journal (Singapore). In Language Teaching- The International Abstracting Journal for language teachers and Applied Linguistics Cambridge: Cambridge University Press. Pp 159.

BITO, J. 1999. Sub-sentential Utterances of Teachers in the Classroom. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet. Pp.10-60

BLOOMFIELD, L. 1966. About Foreign Teaching. In: F. Smolinski: In: Faerch and Kasper (eds). Strategies in Interlanguage Communication New York; Longman Pp 120-138.

_____ 1917. Tagalog Texts and Grammatical Analysis. University Of Illinois Studies in Language and Literature. 3:2-4

BLOUNT, N. S. at H. KLAUSMELER. 1968. Teaching In the Secondary Schools. New York: Harper and Row Publishing Co. Pp. 9-31.

BLUM-KULKA, S. at E. LEVENSTON. 1983. Universal of Lexical Simplification In: Faerch and Kasper (eds). Strategies in Interlanguage Communication. New York: Longman. Pp. 108-142

BOLALET, T. 1991. Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Distrito ng Urdaneta, Pangasinan. Unpublished Thesis. Baguio Central University, Baguio City. Pp 42-43.



- BUCU, G. 2000. Analysis of Classroom Discourse. Unpublished Dissertation. Benguet State University, La Trinidad, Benguet. Pp 41-65.
- CADIAS, A.M. 2001. Indigenization of English in Five Short Stories of Manuel Arguilla. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet Pp. 3-15
- CASINGAL, E. 2000. An Interaction Analysis of Classroom Language in Engineering and Architecture Classes. Unpublished Dissertation, Benguet State University, La Trinidad, Benguet. Pp. 51-74
- CARIAS, 2000. Mga Estratehiya sa Pagtatanong ng Mga Guro ng Mababang Paaralan ng Baguio Colleges Foundation, Baguio City.
- CATRIZ, M.B. 1998. Linguistic Analysis of Code-Switching. Unpublished Thesis, Saint Louis University, Baguio City. Pp. 112-118
- CHAIPHUAG, W. 1996. Teaching Methodologies and Critical Thinking. Unpublished Thesis, Saint Louis University, Baguio City. Pp. 70-94
- CHAUDRON, C. 1985. Sa Pagbanggit ni LARTEC, J. 2001. Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University.
- CHOMSKY, N. 1957. Syntactic Structures. The Hague: Mouton and Co.
- _____ 1965. Aspects of the Theory of Syntax. Mass: MIT Press.
- CLARKE, M. at I.S. P. NATION. 1980. Factors Affecting Guessing Vocabulary in Context RELC Journal Pp. 32-42.
- COHEN, A. 1990. Language Learning. United States of America: Newbury house Publishers. Pp. 54-55.
- COOK, V. 1996. Sa pagbanggit ni LARTEC, J. 2001. Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University.
- CORDER, V. 1983. Strategies of Communication. New York: Longman Pp. 8,18
- COULTHARD, M. 1977. An Introduction to Discourse Analysis. London:



Longman. Pp 82-83.

CROSS, D. 1994. A Practical Handbook of Language Teaching. Great Britain: Dotesios Ltd. Pp. 67-68

CRYSTAL, D. 1992. Sa Pagbanggit ni CADIAS, A. M. 2001. Indigenization of English in Five Short Stories of Manuel Arguilla. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet. P 16.

DILLON, J. 1981. Question and not to Question . Journal of Teacher Education Pp 51-52

DUMAS, W. at W. BECKER. 1968. Introduction To Secondary Education: a Foundation Approach. Pennsylvania: International Textbook Com. P.239

DUMO, E. 1992. Comprehensibility Strategies of First Year High School Teacher of Science and Mathematics. A Classroom Interaction Analysis. Unpublished Thesis. Saint Louis University, Baguio City.

ELLIS, R. 1990. Understanding Second Language Acquisition. Oxford University Press. Pp. 123-156.

ESPIQUE, F. 2005. Paglilihis-paksa ng mga Guro sa Filipino sa Departamento ng Humanidades. Unpublished Action Research. Baguio Colleges Foundation, Baguio City.

ESPIRITU, C. C. Ph. D. 2004. Paglinang ng Mataas na Antas ng Pag-iisip sa Pamamagitan ng Pagtatanong. Unpublished Pamphlet. Ika-32 Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino. Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino. Teachers Camp, Baguio City.

FAERCH, CLAUS & GABRIEL KASPER. 1983. Plans & Strategies in Foreign Language Communication. "In C. Faerch & G. Kasper (eds), Strategies in Interlanguage Communication, 20-44. London: Longman.

FINOCCHIARO, M. Ph. D. 1974. English as a second Language: from Theory to Practice. New Edition. Regents Publishing Co., Inc. New York.



- FERNANDEZ, 2004. Sa pagbanggit ni Ngamoy, B. C. Mga Estratehiyang pangkomunikatibo sa Pagtuturo ng Filipino sa Kombinasyong Klase sa Distrito ng Bagulin, La Union. Unpublished Thesis.
- FILLMORE, L. 1987. When Does Teacher Talk Work as an Input. In: Bass and Maden (eds). Input in Second Language Acquisition Mass: Newburry House. Pp. 19-34.
- FINOCCHIARO, M. Ph. D. 1974. English as a Second Language: from Theory to Practice. New Edition. Regents Publishing Co., Inc. New York.
- FREEMAN, D. at FREEMAN. 1993. A Road To Success for language Minority High School Students. In: Cleary and Linn (eds) Linguistics for Teachers
- GARMSTON, R. 1996. How to Make Presentation that Teach and Transform the Presenter's Fieldbook. A Practical Guide Tips, Treasures and Treats. Mass: Gordon Publishers Inc.
- GLEASON, J. B. & N. B. RATNER. Mga Ed. 1998. Psycholinguistics. Forth Worth: Harcourt Brace College Publishers.
- GONZALES, A. 1984. Language Planning, Implementation and Evaluation. "Evaluating the Philippine Bilingual and Code-Switching. Manila: Linguistic Society of the Philippines.. Pp 6-15
- GOOD, T. & BROPHY. 1987. Looking in Classroom. In Richards and Nunan (Eds) Second Language Teacher Education. Cambridge: Cambridge University Press.
- GUMPERZ, J. at D. HYMES. 1972. Directions in Sociolinguistics: The Ethnography of Communication. USA: Holt, Rinemart and Winston, Inc. Pp 36-37.
- HAKUTA, KENJI. 1986. Mirror of Language. Ne York: Basic Books Inc
- HATCH, E. Long. 1980. Discourse Analysis and Second Language Acquisition. L2 Acquisition. A Book of Readings. Ed. Rowley, Massachusetts: NEWBURY House Publishers.



- _____. 1979. In: Bailon, L.R.H. 1998. Interaction Analysis on Communication Strategies in Mathematics Classes. Unpublished Dissertation. Saint Louis University, Baguio City. Pp. 61-70.
- HOCKETT, 1947. Sa Pagbanggit ni SANTIAGO, A. O. Panimulang Linggwistika. Manila Rex Book Store.
- “<http://tl.wikipedia.org/wiki/Linggwistika>”
- HUFANA, E.R. 1994. Task-Based Material for Communicative Language Teaching. A Seminar Paper in the Faculty Development Seminar. Baguio Colleges Foundation, Baguio City.
- HUFANA, E.R. at J.M.JIMENEZ. 1995 Linguistic Routines, An Analysis. Department of Humanities, College of Arts and Sciences. Benguet State University, La Trinidad, Benguet. Pp. 2-12
- HUGHES, M. 1979. Assessment of the Quality Teaching in Elementary Schools. Utah: University of Utah Press. Pp. 56-58.
- HYMES, DELL. 1977. “Sociolinguistics and the Ethnography of Speaking” Sa Social Anthropology & Language. Inedit ni Edwin Ardener. USA: Barnes & Noble Inc.
- JOAS, M. et al. 1957. Readings in Linguistics I: The Development of Descriptive Linguistics in America 1925-56. Chicago & London: University of Chicago Press.
- JOCSON, M. O. 2004. Sining ng Komunikasyon. Makati City. Grandwater Publications.
- JOHNSON, R. K. 1985. Teacher Education and Teacher Talk. In Language and Learning. Ed. M.L. Tickoo. Singapore: RELC.P. 69-70.
- KELLERMAN, ERIC. 1991. Compensatory Strategies in 2nd Language Research: A Critique, a revision and some (non-) Implications for the Classroom”. In R. Phillipson (eds.), Foreign Second Language Pedagogy Research. Clevedon: Multilingual Matters.
- KRASHEN, S. 1981. Second Language Acquisition and Second Language Learning. Oxford: Pergamon Press Inc. Pp. 67-89



- LACHICA, VENERANDA S. Ph. D. 1998. *Komunikasyon at Linggwistika*. 24K Printing Co., Inc. valenzuela, Metro Manila.
- LARDIZABAL, S. at A. S. BUSTOS, 1977. *Principles and Methods of Teaching*. Quezon City: Alemar Phoenix House, Inc. Pp. 24-25
- LARTEC, J. K. 2001. *Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University*. Unpublished Thesis.
- LONG, M.H. 1983. *Studies in Second Language Acquisition*. Bloomington, Ind. 5,2.Pp.177-93
- MARCELO, M.W. 2001. *Language Teaching Among Grade I Pupils in the Division of Mt. Province*. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. P 17
- MARIANO, A.D. 1991. *Ang Aklat ng Guro*. Manila, Philippines, Rex Book Store.
- MITCHELL, R. 1988. In : Ellis, R.1990. *Instructed Second Language Acquisition: Learning in the Classroom*. Mass.: Basil Blackwell Ltd. Pp. 80-81
- MOHAMMAD, R. L. 1997. *Development Needs of Public Elementary Schools Teacher in the Division of Tawi-tawi*. The Herald. Vol.2 (22). Pp. 80-81
- NGAGAN, J.A. 1996. *Teaching Elementary Mathematics in Grade IV in The Western District of Mt. Province*. Unpublished Thesis, Baguio Central University, baguio City. 76-83
- NGAMOY, B. C. 2002. *Mga Estratehiyang Pangkomunikatibo sa Pagtuturo ng Filipino sa Kombinasyong Klase sa Distrito ng Bagulin La Union*, Unpublished Thesis.
- NIDA, E. 1957. Sa Pagbanggit ni Lartec, J. K. 2001. *Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University*. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- OLBAN, U. S. 1999. *Pagtuturo ng Filipino sa Ikalawang Baitang sa Itogon At Tuba, Benguet*. Unpublished Thesis, baguio Central University, Baguio City. Pp. 10-121



- OLPINDO, F. A. 1998. Teaching EPP in the Elementary Grades of Pozorrubio and Sison Districs Division of Pangasinan II. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. Pp. 62-64
- PALACIOS, A. E. 1998. Kakayahang komunikatibo ng mga Mag-aaral Sa mga Paaralang Sekondarya, Dibisyon ng La Union. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. P. 27
- PARNACIO, B. T. 1998. Ang Filipino sa Pagtuturo ng Hekasi sa mga Mababang Paaralan ng Baguio City. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. P. 84
- PASCASIO, EMY. 1988. "The Present Role and Domains of English in the Philippines." Sa The Role of English and Its Maintenance in the Philippines. Inedit ni Andrew Gonzales, FSC. Solidaridad Publishing House.
- _____ 1978. (Hunyo-Disyembre). "Dynamics o Codeswitching in the Business Domain". Philippine Journal of Linguistics 9 40-49.
- PAZ, C. J. 2003. Ang Pag-aaral ng Wika. The University of the Philippines Press. Diliman, Quezon, City.
- PINEDA, P. B. Ph. D. 2004. Metamorfosis ng Wikang Filipino. Makati City. Grandwater Publications.
- RICHARDS, J. at T. RODGERS. 1986. Approaches and Methods in Language Teaching. A Description and Analysis. Cambridge: Cambridge University Press, Pp. 64-83.
- SANTIAGO, A.O.1979. Panimulang Linggwistika. Manila. Rex Book Store
- SAUCO, C. P. , OBDULIA L. ATIENZA, NENITA P. PAPA. 1998. Sining ng Komunikasyon Pang-antas Tesyarya. JMC Press, Inc. Quezon City.
- SCHOLL, S. C. 1977. Teaching in Higher Education. USA Ohio Board of Regents. P. 322
- SCOTTON, CAROL MYERS. 1979. "Codeswitching as a Safe Choice in Choosing a Lingua Franca." Sa Language and Society. Inedit nina



William McCormack at Stephen Wurm. The Hague: Mouton Publishers.

SELINKER, L. 1972. Interlanguage. IRAL 10 (3). P. 35

SIMEON, M. I. 1996. Usage of English by Third Year Student in the Five Newly Legislated High School in Benguet. Unpublished Thesis, Baguio Central University, baguio City. P. 25

SKINNER, B.F. 1957. Development Psychology, Learning How We Learn Harvard University Press, Inc. Pp.1-18.

SONZA, JORSHINELLE. 1979. "A Descriptive Body of Maryknoll Bilingualism. "Gradwadong Tesis, Unibersidad ng Pilipinas.

STRATUS at DENZIN. AGUILAR, J. P. 1995 . Sosyolohiya Antropolohiya. UST Printing Office. University of Santo Tomas.

SUMA-IL,G. B.1999. Pagtuturo ng Filipino sa mga Matataas na Paaralang Pambansa sa Distrito ng Timog Tabuk, Kalinga. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. Pp. 98-120

SUMAKEY, S. B.1996. Filipino Bilang Wikang Panturo sa mga Asignatura Sa Mga Paaralang Sekundarya ng Benguet. Unpublised Thesis, Baguio Central University, baguio City. Pp. 108-117

TAKINAN, M. C. 1999. Ang Pagkamabisa sa Pagtuturo ng Filipino sa Sangay ng Ifugao. Unpublished Thesis, baguio Central University, Baguio City. P. 5

TARONE, ELAINE. 1980.Communication Strategies, Foreigner Talk and Repair in Interlanguage' language Learning. 30, 417-431

TAYAO, M. G. Applied Linguistics for Communication Arts. EDL 201. University of The Philippines Open Iniversity.


TOMAS, D. S. 2004. Mga Gawing Pagpapahayag ng mga Mag-aaral sa Unang T aon ng Kursong Pagtuturo sa Benguet State University. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

TORTOGA, E.E.1992."Gutierrez Involved in the Use of Teaching Methods



The Modern Teacher, Vol. XLI, No 5. P. 183

- TUMANGAN, A. P. ROLANDO A. BERNALES. 2000. Sining ng Pakikipagtalastasan (Pandalubhasaan). Mutya Publishing House. Valenzuela City.
- VALERIO, S. H. P. 1999. Sa Pagbanggit ni Lartec, J. K. 2001 Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University. Unpublished Thesis, Benguet State University, La Trinidad Benguet.
- VARADI, T. 1983. Strategies of Target Language Learner Communication Message Adjustment: In: Faerch at Kasper (eds). Strategies in Interlanguage Communication. New York: Longman. Pp.120-135
- VILLANUEVA, A. F. & A. D. G. MARIANO. 1991. Ang Aklat ng Guro. Manila, Philippines, Rex Book Store.



Apendiks A

Republic of the Philippines
PALAWAN STATE UNIVERSITY
 Lungsod ng Puerto Princesa

Enero 13, 2006

Thru Channels

DR. ERLINDA D. SAN JUAN
 Dekana
 Kolehiyo ng Sining at Humanidades

Madam:

Sa kasalukuyan ako po ay nagsasagawa ng pananaliksik na pinamagatang “ Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Antas Tersyarya ng Palawan State University “. Dahil dito, humihingi po ako ng pahintulot na payagan akong mairekord ang pagtuturo ng ilan sa mga kapwa ko gurong nagtuturo sa iba’t ibang kolehiyo ng ating pamantasan.

Kakailanganin ko po ito upang makalikom ng mga datos para sa pag-aaral na nabanggit.

Inaasahan ko po ang inyong pagsang-ayon at pakikipagtulungan hinggil sa bagay na ito.

Marami pong salamat.

Lubos ng gumagalang,

LILIBETH E. NADAYAO
 (Signed)



Apendiks B

Palawan State University
COLLEGE OF ARTS AND HUMANITIES
Tinguiban Heights
Puerto Princesa City

Enero 13, 2006

Minamahal kong kaguro,

Hiniling ko po ang iyong pakikipagtulungan sa isinasagawa kong pag-aaral na pinamagatang “ Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Antas Tersyarya ng Palawan State University “. Kakailanganin ko po hindi lamang nakateyp na pagkaklase ninyo sa Filipino kundi pati na rin ang ilan sa mga mahahalagang impormasyon tungkol sa inyo.

Ipinakiusap ko pong sagutin nang buong katapatan ang talatanungang ito. Makaaasa po kayong ang mga ibibigay ninyong impormasyon ay iingat at gagamitin lamang sa pananaliksik.

Ang inyo pong pakikiisa ay kikilalanin at pasasalamatan.

Pagpalain kayo ng Poong Maykapal.

Gumagalang,

LILIBETH E. NADAYAO

(Signed)



Apendiks C

Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Antas Tersyarya ng Palawan State University

Bilang ng Tape: _____ Kolehiyo: _____

Talaan ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon (Modelo ni Mitchell)

- | | Bilang ng Paggamit |
|---------------------|--------------------|
| A. Pag-uulit | _____ |
| B. Pagpapaliwanag | _____ |
| C. Substitusyon | _____ |
| D. Paglilipat-wika | _____ |
| E. Pagbibigay-clue | _____ |
| F. Pagpapakahulugan | _____ |



Apendiks D

TALATANUNGAN PARA SA MGA GURO

Pangalan: (Opsyonal) _____

Sabjek: _____

Panuto: Lagyan ng tsek ang angkop na kasagutan.

A. ANTAS NG EDUKASYONG NATAPOS

- _____ B.S. Graduate
- _____ May yunits sa MA
- _____ Natapos ang MA
- _____ May yunits sa Ph. D./ Ed.D.
- _____ Natapos ang Ph. D./ Ed. D.

B. UNANG WIKA

- _____ Tagalog
- _____ Cuyunon
- _____ Ilonggo
- _____ Cebuano
- _____ Ilokano
- _____ Bikolano

C. KOLEHIYONG KINABIBILANGAN NG MAG-AARAL NA TINUTURUAN

- _____ CAH (College of Arts and Humanities)
- _____ CBA (College of Business and Accountancy)
- _____ CTE (College of Teacher Education)
- _____ CEAT (College of Engineering, Architecture & Technology)
- _____ CNHS (College of Nursing and Health Services)
- _____ CS (College of Sciences)



Apendiks E

TALATANUNGAN PARA SA MGA MAG-AARAL

Panuto: Punan o lagyan ng tsek ang angkop na kasagutan.

I. PERSONAL NA IMPORMASYON

Asignatura: _____

Kolehiyong kinabibilangan:

_____ CAH	_____ CTE
_____ CBA	_____ CNHS
_____ CEAT	_____ CS

Panuto: Itiman ang angkop na bilang sa inyong sagutang papel sa pamamagitan ng pagpili sa sumusunod na scale sa ibaba.

5—palagi	2—bihira
4—malimit	1—hindi
3—minsan	

- | | | | | | |
|--|---|---|---|---|---|
| 1. Inuulit ba ng iyong guro ang inyong mga kasagutan sa kanyang pagpapaliwanag ng paksa? | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 2. Naibibigay ba ang inyong guro ang sapat na pagpapaliwanag sa pagtalakay ng aralin sa klase? | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 3. Nagpa- <i>paraphrase</i> ba ang iyong guro upang masabi sa ibang paraan ang pangungusap o tanong sa lalong ikauunawa ninyong mag-aaral? | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |



4. Naglilipat-wika ba ang iyong guro
Sa pagtalakay o pagpapaliwanag
ng paksang aralin ayon sa wikang
inyong nauunawaan? (maaaring una
o ikalawang wika) 5 4 3 2 1
5. Nagbibigay ba ng clue ang inyong
guro upang madaling masagot ang
kanyang katanungan nang mapanatili
ang pagkakaroon ng interaksyon sa
klasrum? 5 4 3 2 1
6. Nagbibigay ba ang inyong guro
ng sarili niyang interpretasyon o
pagpapakahulugan hinggil sa paksang
tinatalakay/pinag-uusapan? 5 4 3 2 1



Apendiks F

Asignatura: _____

Kolehiyong kinabibilangan: _____

	5	4	3	2	1
1).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
2).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
3).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
4).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
5).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
6).	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>



TALAMBUHAY

Madaling araw noon ika-30 ng Abril, 1973 nang nagmamadaling lumabas mula sa sinapupunan ng kanyang ina ang isang sanggol upang masilayan sa unang pagkakataon ang liwanag na dulot ni Haring Araw. Sinasabing nagmamadali siya sapagkat lumabas siya nang walang hilot. Bagaman hindi natupad ng mag-asawang Camilo D. Ellazar at Lynda Colimbo-Ellazar ang kanilang nais na magkaroon ng anak na lalaki ay labis pa rin ang kagalakang kanilang nadama sa pagdating ng ikatlong anghel na hulog ng langit sa kanilang tahanan.

Lumaking malusog at malikot ngunit may kakulitan ang batang ito. Nang magpitong taong gulang, pinag-aral siya ng kanyang mga magulang sa Burirao Elementary School . Dahil sa angking galing na bigay ng langit, nagtapos siya bilang valedictorian noong 1986.

Sa murang gulang, pinili niyang mawalay sa mga magulang upang ipagpatuloy ang pag-aaral sa Palawan State College-Laboratory High School sa Lungsod ng Puerto Princesa. Natapos niya ang sekundarya noong 1991.

Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral sa kolehiyo sa paaralan pa ring iyon na naging kauna-unahang unibersidad sa Palawan. Kumuha siya ng kursong Bachelor of Science in Biology bilang paghahanda sa minimithi niyang propesyon—ang maging manggagamot. Ngunit nagbago ang



kanyang plano nang mapagtantong mahaba-habang panahon ang kanyang gugugulin sa pag-aaral kaya nagbago siya ng kurso. Kumuha siya ng kursong Bachelor of Science in Banking and Finance. Ngunit saglit na huminto ang pag-inog ng mundo ng mapangaraping mag-aaral na ito nang maramdaman ang unang pagtibok ng puso kay Rodel A. Nadayao—ang lalaking naging karamay niya sa buhay. Ikinasal sila sa St. Joseph Parish Church sa bayan ng Narra taong 1991. Biniyayaan sila ng langit ng dalawang malulusog na anghel, si Lara (Luv, 15) at Earl (12).

Hindi naging hadlang sa kanya ang asawa at mga anak sa pagkamit ng karunungan kaya muli ay ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Ang pagkakaroon ng mga anak ang nagbunsod sa kanya upang magbago ng pananaw sa buhay. Noong panahong iyon, naging matimbang sa kanya ang tawag ng kurso sa pagtuturo. At sa kanyang pagpupunyagi ay nagtapos siya sa tersyarya na may titulong Bachelor of Science in Secondary Education, medyor sa Filipino. Nagsulit siya nang taon ding iyon para sa Licensure Examination for Teachers (LET) pati na rin sa Career Civil Service Examination (professional) at sa awa ng Diyos ay pareho niya itong naipasa.

Nang sumusunod na taon ay natanggap siya bilang instructor sa Palawan State University sa ilalim ng College of Arts and Humanities, departamento ng Filipino. Nagtuturo siya rito hanggang sa kasalukuyan.



Tuwing summer ay tinitii niya ang matinding kalungkutan sa pagkakawalay sa mga mahal sa buhay sapagkat lumuluwas siya sa Benguet galing Palawan upang mag-aral ng Master sa Sining ng Edukasyon. Sadyang napakalakas ng loob ng mananaliksik sapagkat nagawa niyang makipagsapalaran sa isang lugar na gaya ng Benguet nang walang inaasahang sinumang kamag-anak sapagkat ang totoo ay wala siyang kakilala o kamag-anak dito. Ngunit di saya pinabayaan ng kanyang mga kamag-aral, kaibigan at mga guro.

